# PAGTATAMPOK ng mga Karanasan sa Modular Class sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral: Isang Naratolohikal na PAG-AARAL

***Alliah Jireh C. Lazarte*[1]*, Christopher C. Baldonado, EdD*[2]**

[1]Teacher, Luna National High School, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
alliahjireh20@gmail.com

[2]Professor, Graduate School Department, University of the Immaculate Conception, Davao City, Philippines
cbaldonado@uic.edu.ph

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa karanasan ng mga mag-aaral sa Modular Class sa Asignaturang Filipino. Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito na maitampok ang mga naging karanasan ng mga mag-aaral sa modular class sa Asignaturang Filipino, kung paano nila hinarap ang mga pagsubok at malaman kung ano ang pananaw nila sa pagkakaroon ng modular class. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng kwaliteytib na pamamaraan sa uring naratolohikal. Ginamit ang metodong in-depth interview at masusing pagmamasid sa atentibong pangangalap ng datos. Napag-alaman sa pananaliksik na ito na marami ang naging hamon ng mga mag-aaral sa pagharap ng Modular Learning, iilan sa mga ito ang kawalan ng agarang pidbak mula sa guro, pagkakaroon ng kawalan ng gana sa pag-aaral, kahirapan sa pag- unawa ng mga aralin, kawalan ng pokus sa pag-aaral, at iba pa. Lahat ng mga hamong ito ay kanilang napagtagumpayan sa pagharap sa mga hamon ng modular na pag-aaral sa Asignaturang Filipino. Ang mahusay na pamamahala ng oras, kolaborasyon sa iba, paggamit ng teknolohiya, at pagpapakita ng determinasyon ay ilan lamang sa mga susi sa matagumpay na pagkatuto sa kabila ng mga hamon.

*Susing salita: Pagtatampok ng karanasan, modular class, asignaturang filipino, karanasan ng mag-aaral, naratolohikal na pag-aaral, pananaliksik sa edukasyon*

## INTRODUKSYON

Ang Pilipinas ay patuloy na naghahanap ng mga epektibong solusyon upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng edukasyon sa ilalim ng bagong normal. Sa panahong ito, ang mga makabagong ideya ng mga tagapagturo at ang aktibong pakikilahok ng iba't ibang stakeholder ay nagsisilbing pangunahing puwersa sa pagpapatatag ng sistema ng pagkatuto (Tria, 2020). Ayon kay Bernardo (2020), ang modular distance learning ay naging isa sa mga pangunahing estratehiya ng Kagawaran ng Edukasyon upang matiyak ang pagpapatuloy ng edukasyon sa kabila ng kawalan ng pisikal na interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Sa isang pag-aaral sa Stockton, California, binanggit ni Sloan (2020) na kahit na nagsumikap ang dibisyon ng paaralan na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa

modular na paraan ng pagkatuto, marami pa rin sa kanila ang nahirapan sa pag-unawa ng mga aralin at hindi nakumpleto ang mga modyul sa unang linggo ng implementasyon. Sa kabilang banda, isinalaysay ni Chowdhury (2022) na sa Dhaka University, Bangladesh, ay patuloy ang paggamit ng advanced ICTs upang mapabuti ang modular distance learning. Gayunman, hindi lahat ng mag-aaral ay may sapat na kaalaman o kakayahan sa paggamit ng mga teknolohiyang ito. Samantala, sa pag-aaral nina Kapasia et al. (2020) sa West Bengal, India, natukoy na ang kakulangan sa internet access, mga kagamitan, at pisikal na interaksyon ay nagdulot ng stress at pagbaba ng motibasyon sa mga mag-aaral.

Sa Pilipinas, natukoy din ang mga katulad na suliranin. Ayon kina Taunan et al. (2021) sa Juban, Sorsogon National High School, nakaranas ang mga mag-aaral ng iba't ibang hamon sa modular learning, kabilang ang mga isyung may kaugnayan sa teknolohiya, kalusugan ng isip, at kahirapan sa pag-unawa ng nilalaman ng modyul. Gayundin, binigyang-diin ni Ambayon (2020) sa Sorsogon State University na maraming mag-aaral ang bumaba ang marka dahil sa hindi natapos o naipasang gawain bunga ng hirap sa pagsagot ng mga modyul. Sa Laguindingan National High School, Misamis Oriental, ayon kina Dayag at Cabanatan (2024), lumitaw din ang mga pangunahing hamon gaya ng kakulangan sa diskusyon ng guro, limitadong oras sa pagsagot, at mahinang koneksyon sa internet.

Sa University of Mindanao, natukoy nina Cortes et al. (2021) ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa modular at *online learning*, kabilang ang kakulangan sa access sa impormasyon, problemang pinansyal, kahirapan sa komunikasyon, at pagbaba ng motibasyon. Katulad nito, binigyang-diin ni Dolores (2022) ang mga hamon ng modular learning gaya ng kakulangan sa atensyon ng mga mag-aaral, emosyonal na pagod, at kahirapan sa pagsasalin ng mga aralin. Sa Davao del Norte State College, ayon kina Duping et al. (2021), marami ring mag-aaral ang nahirapan sa blended learning dahil sa limitadong access sa internet at kakulangan ng mga kagamitang teknolohikal tulad ng telebisyon at radyo. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga naunang pag-aaral na ang modular distance learning ay may mahalagang papel sa pagpapatuloy ng edukasyon ngunit kaakibat nito ang samu't saring hamon sa pagkatuto. Dahil dito, ang kasalukuyang pananaliksik ay nakatuon sa masinsinang pag-unawa sa karanasan ng mga mag-aaral sa ilalim ng modular learning sa pamamagitan ng naratibong inkwiri.

Ang naratibong inkwiri ay isang kwalitatibong metodolohiya na naglalayong maipaliwanag ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang sariling salaysay. Sa ganitong paraan, mauunawaan ng mananaliksik ang mga pananaw, damdamin, at reaksyon ng mga mag-aaral hinggil sa modular learning, at kung paano ito nakaapekto sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Hindi tulad ng naratolohiya na nakatuon sa pagsusuri ng istruktura ng kwento bilang anyong pampanitikan, ang naratibong inkwiri ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng karanasan at personal na tinig ng mga kalahok bilang sentro ng pag-unawa. Sa pamamagitan nito, inaasahang mas mailalarawan nang mas makatao at masinsinan ang mga hamon, adaptasyon, at pananaw ng mga mag-aaral sa konteksto ng edukasyon sa bagong normal.

Ang kakulangan ng mga kwalitatibong pag-aaral na sumusubaybay at lumalalim sa mga personal na karanasan ng mga mag-aaral sa modular learning para sa asignaturang Filipino ay isang mahalagang puwang sa kasalukuyang panitikan. Karamihan sa umiiral na pag-aaral ay naglalaman ng mga kwantitatibong sukatan o tumuon sa online classes, kaya hindi lubusang nailalarawan ang mga dinamika ng pagkatuto kapag modyular ang pangunahing paraan ng pagtuturo. Bagama't may mga pag-aaral na isinagawa sa iba't ibang rehiyon (hal., Sorsogon, Misamis Oriental, Davao), ang mga resulta nito ay hindi awtomatikong napapailalim o maaaring

gawing pangkalahatan sa lahat ng lokal na konteksto dahil sa pagkakaiba-iba sa sosyo-ekonomikong katangian, accessibility sa teknolohiya, at suporta ng komunidad. Dahil dito, pinipili ng pag-aaral na ito ang isang paaralan sa Kapalong, Davao del Norte—hindi upang gawing kinatawan ng buong bansa, kundi upang punan ang partikular na kakulangan ng malaliman at kontekstuwalisadong kwalitatibong datos mula sa rehiyong ito. Ang pagpili sa Kapalong ay nagbibigay-daan upang masuri kung paano naiiba o magkakatulad ang karanasan ng mga mag-aaral sa isang kontekstong maaaring may natatanging hamon at adaptasyon (hal., access sa gadget/internet, estruktura ng lokal na suporta, at mga praktikang pangkomunidad). Sa ganitong paraan, malinaw na nakalagay ang puwang ng pananaliksik: ang pangangailangan para sa masinsinang, naratibong pag-aaral na maglalarawan ng mga personal na salaysay at kahulugan ng mga mag-aaral hinggil sa modular learning sa isang rehiyong kulang sa kwalitatibong pagsusuri.

Para naman sa diseminasyon, ang mga matutuklasang resulta ng pag-aaral ay inaasahang maipababatid ng mananaliksik sa mga mag-aaral, magulang, punongguro, guro sa Filipino, manunulat, at mananaliksik sa hinaharap upang labis na maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng module sa Filipino. Gamit ang pamamaraang ito lubos na naunawaan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa modular na paraan sa asignaturang Filipino. Magsisilbi itong lunsaran o hanguan ng ibang mananaliksik upang palawakin pa ang pag-aaral.

## TEORETIKAL NA LENTE

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teoryang Connectivism ni George Siemens (2005), isang modelo ng pagkatuto na tumutukoy sa mahahalagang pagbabago sa paraan ng pagkuha at pagpapalitan ng impormasyon. Dahil sa malawak na network ng komunikasyon, patuloy na lumalawak at nagbabago ang sakop ng teoryang ito, na siyang nagiging pundasyon sa makabagong paraan ng pagkatuto. Ayon kay Downes (2010), ang Connectivism ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga koneksyon at interaksyon sa digital na mundo, kung saan ang kaalaman ay hindi lamang nakaimbak sa isang indibidwal kundi sa mga ugnayan sa pagitan ng mga tao at teknolohiya. Kaugnay nito, ang teoryang ito ay may malaking papel sa modular na klase, dahil binibigyang-diin nito ang epekto ng makabagong pamamaraan sa pagkuha at paghahatid ng impormasyon sa proseso ng pagkatuto

Isa pang teoryang may kaugnayan sa pag-aaral na ito ay ang Teoryang Constructivism ni Jerome Bruner (1961), na binibigyang-diin ang aktibong papel ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa impormasyon. Nakasentro ang teoryang ito sa aktibong pagkatuto, kung saan ang mga mag-aaral ay hindi lamang tumatanggap ng kaalaman kundi lumilikha at nagtatayo nito batay sa kanilang karanasan at pagninilay. Ayon kay Piaget (1972), ang pagkatuto ay isang prosesong nagaganap sa pamamagitan ng konstruksyon ng kahulugan mula sa interaksyon ng indibidwal sa kanyang kapaligiran. Kaugnay nito, sa paggamit ng module, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maproseso ang mga bagong ideya at aktibong matuklasan ang mga prinsipyong kanilang pinag-aaralan, alinsunod sa kanilang sariling bilis at estilo ng pagkatuto.

Sa kabilang banda, ang pag-aaral na ito ay naaayon sa konsepto ng "teoryang distansyang transaksyunal" na sumasaklaw sa distansya na umiiral sa edukasyon na tumutukoy sa dami ng dayalogo na nangyayari sa pagitan ng mag-aaral at ng nagtuturo at ang dami ng istrakturang nakapaloob sa disenyo ng kurso. Ang mas malawak na distansyang transaksyunal ay nangyayari kapag ang isang programang pang-edukasyon ay may higit na istraktura at hindi lamang diyalogo ng mag-aaral at guro na maaaring matagpuan sa ilang tradisyunal na mga kurso sa

distansyang pag-aaral. Sa karagdagan, nasambit sa pag-aaral ni Moore (1990) na nagbibigay ang Departamento ng Edukasyon ng oportunidad sa mga mag-aaral na makapag-aral sa kabila ng pandemya kahit nasa kanilang mga tahanan lang kung saan mayroon pa ring ugnayan ang guro at ang mga mag-aaral. Naiuugnay ang teoryang ito sa pag-aaral sapagkat isinasalaysay nito ang distance learning na akma sa sitwasyon ng modular class kung saan may distansya sa pagitan ng mag-aaral at nagtuturo.

## METODO

Sa kabanatang ito tinatalakay ang mga pamamaraan at proseso pati na rin ang mga instrumento sa paghahanap ng makabuluhan at maaasahang impormasyon at ebidensya upang higit na matugunan ang pag-aaral.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakatuon sa naratibong inkwiri, isang metodolohiyang naglalayong maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang sariling salaysay. Sa ganitong lapit, ginamit ng mananaliksik ang interpretive lens upang mailarawan at mabigyang-kahulugan ang mga pananaw, damdamin, at reaksyon ng mga mag-aaral sa modular learning, lalo na sa asignaturang Filipino. Ayon kina Creswell at Poth (2016), ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa pagpapakahulugan ng mga karanasan batay sa pananaw ng mga kalahok, kaya't ang naratibong inkwiri ay angkop na pamamaraan upang masinsinang maunawaan ang kanilang mga personal na karanasan sa pagkatuto.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay walong (8) mag-aaral mula sa Junior High School ng isang pampublikong paaralan sa Kapalong, Davao del Sur, na nakaranas ng modular learning noong taong 2020–2022. Gumamit ng purposive sampling sa pagpili ng kalahok batay sa mga pamantayang ito: (1) aktibong nakaranas ng modular learning nang hindi bababa sa isang school year, (2) may kakayahang maglahad ng malinaw na salaysay, (3) kumakatawan sa iba't ibang antas ng akademikong pagganap (mataas, katamtaman, at mababa), at (4) nagmula sa iba't ibang seksyon upang makuha ang iba't ibang perspektiba. Ang maliit na bilang ng kalahok ay sinadyang piliin upang mabigyang-diin ang lalim ng karanasan kaysa dami ng kalahok, alinsunod sa layunin ng kwalitatibong pag-aaral na makuha ang masinsinang pananaw ng bawat isa.

Ang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos ay ang malalim na pakikipanayam (In-Depth Interview o IDI) na isinagawa nang dalawang beses sa bawat kalahok upang mapalalim at mapalawak ang kanilang salaysay. Ang unang panayam ay nakatuon sa kanilang pangkalahatang karanasan sa modular learning, samantalang ang ikalawang panayam ay ginamit bilang follow-up upang linawin at tuklasin ang mga temang lumitaw sa unang panayam. Lahat ng panayam ay nirekord nang may pahintulot, sinamahan ng field notes at replektibong tala ng mananaliksik. Bilang karagdagang triangulation, sinuri rin ang ilang module outputs ng mga mag-aaral at nakapanayam ang ilang guro at magulang upang makuha ang karagdagang pananaw na makatutulong sa pagbibigay-konteksto sa mga salaysay.

Sa etikal na aspeto, tiniyak ng mananaliksik ang kumpidensyalidad at boluntaryong partisipasyon ng lahat ng kalahok. Gumamit ng mga alyas upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan at ipinaunawa na maaari silang umatras anumang oras kung maramdaman nilang hindi sila komportable. Ang mga hakbang na ito ay isinagawa upang matiyak ang integridad ng datos at ang kapakanan ng mga kalahok, alinsunod sa mga pamantayan ng etikal na pananaliksik.

Ang unang kalahok ay si **Line** "Ang Masigasig na Liwanag ni Line". Sila ay limang

magkakapatid, at siya ang bunso. Apat sa kanila ay mga babae, at iisa lang ang lalaki. Ang kanilang panganay na kapatid na babae ay isang empleyado sa isang tanyag na kumpanya ng mga sasakyan at tumutulong sa pagpapaaral sa kanila. Samantala, ang kanilang kapatid na lalaki ay maagang nag-asawa at mayroon ng mga anak. Ang kanilang pangatlong kapatid na babae ay nagkaanak din nang maaga, ngunit kahit hindi siya nakapagtapos ng pag-aaral, patuloy siyang sinusuportahan ng kanilang mga magulang. Ang kanilang pang-apat na kapatid na babae at kasalukuyang nag-aaral. Sa ngayon, ang kanilang ina ang nagpapadala ng pera para sa kanyang matrikula. Ang kanilang ama naman ay may maliit na negosyo ng cardava, na malaki ang naitutulong sa pang-araw-araw nilang pangangailangan. Palaging nandiyan ang kanilang mga magulang upang suportahan at ipagmalaki sila. Bagamat magkakalayo ng tirahan ang magkakapatid, lagi nilang sinisigurong nagkikita-kita tuwing Pasko at Bagong Taon. Ang karanasan ni Line sa modular learning ayon sa kanya, bagama't may mga positibong epekto ang modular learning, hindi maikakaila na ito ay nagdulot din ng maraming hamon sa kaniyang pag-aaral.

Ang ikalawang kalahok naman ay si **Jud** "Ang Maingat na Paglalakbay ni Jud". Siya ay labinlimang taong gulang. Ang kanilang pamilya ay nagmamay-ari ng isang karenderya sa kanilang Brgy. Nagtatrabaho sila at nakasuporta sa isa't isa araw-araw. Ang kanilang pagmamahalan bilang isang pamilya ang nagbibigay inspirasyon sa kanya upang matupad ang kanyang mga pangarap sa buhay. Sa kasalukuyan, siya ay nakatanggap ng parangal bilang Honor Student sa kanilang paaralan. Lahat ng mga biyayang natanggap at matatanggap pa ay iniaalay niya sa Panginoon sapagkat ayon sa kanya, hindi niya makukuha ang lahat kung hindi dahil sa Poong Maykapal. Ang kwento ni Jud sa kaniyang modular learning ay hindi nalalayo sa kaniyang mga kaklase sapagkat maging siya ay maraming pagsubok na naranasan, ngunit mayroon din naman itong magandang naidulot sa kaniyang pagkatuto bilang isang mag-aaral.

Ang ikatlong kalahok ay si Tine "Ang Matalinong Kaalaman ni Tine". Si Tine ay mula sa isang mapagmahal na pamilya at mayroon siyang isang kapatid na babae. Ang kanyang mga magulang ang tumutulong at sumusuporta sa kaniya sa kahit anong desisyon niya sa kanyang buhay. Ang kanyang ina ay nagtatrabaho noon bilang isang laboratory technician sa isang banana tissue culture sa nakaraang ilang mga taon, ngunit ngayon isa ng guro sa isang pampublikong paaralan sa Kapalong sa loob ng walong taon. Ang kanyang ama nama'y 8 taon nang nagtrabaho noon bilang Electrician, naging salesman ng Pepsi-Cola sa loob ng limang taon, at naging electrical technician ng kompanya ng DOLE. Lahat ng mga binanggit ay isang pagsasakripisyo at tagumpay ng kaniyang mga magulang upang masuportahan siya sa kanyang mga pangarap sa buhay. Habang nagbabalik-tanaw siya sa kaniyang karanasan sa modular learning, inamin ni Tine na sa simula ay hindi niya ito gusto. Ngunit sa paglipas ng panahon, natutuhan niyang yakapin ang bagong sistema at gamitin ito upang mapaunlad ang kaniyang sarili.

Ang ikaapat na kalahok ay nasa ilalim ng pangalang **Cess** "Ang Matiyagang Aksyon ni Cess". Siya ay anak ng isang nagretirong sundalo at ang kanyang ina nama'y isang lady guard. Mayroon siyang isang kapatid na lalaki na nasa ika-9 na baitang sa sekondarya. Ang kanyang mga magulang ang nagbibigay sa kaniya ng suporta sa pagkamit niya ng mga pangarap sa buhay at ang mga mithiing nais niyang makuha. Kahit na nagkakaroon sila ng hindi pagkakaintindihan, ang kanilang pagmamahal sa isa't isa, pagrespeto at pagkakaisa ang nananatiling nagbibigkis sa kanila. Ang kwento ni Cess sa modular learning ang nag-udyok sa kaniya na mas magsikap pa sa pag-aaral. naranasan ni Cess ang hamon at tagumpay ng modular na pag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang ikalimang kalahok naman ay nakatago sa pangalang **Mon** "Ang Masikap na

Pag-aakay ni Mon". Ang kanilang pamilya ay nagmamay-ari ng isang maliit na tindahan. Ang kaniyang ina ay isang maybahay, at ang kaniyang ama ay isang drayber. Mayroon siyang isang kapatid na lalaki na nakapagtapos na ng kolehiyo ngunit patuloy pa rin sa pagkamit ng kaniyang mga pangarap. Ang kaniyang pamilya ang pundasyon niya sa kaniyang buhay, nagbibigay sa kaniya ng pagmamahal, nakasuporta sa kahit anong gusto niya sa buhay, at ang pakiramdam na hindi siya nag-iisa sa araw-araw. Ang pamilya niya ang palagi niyang maaasahan sa hirap at ginhawa man. Ang pinakamahalagang aral na natutuhan ni Mon sa modular learning ay ang pagiging independent at responsable. Napagtanto niyang mahalaga ang time management at goal setting upang mapanatili ang produktibong pagkatuto.

Ang ikaanim na kalahok ay mula sa pangalang **Nash** "Ang Maabilidad na Kamay ni Nash". Ang kanyang ama ay nagtatrabaho sa Cebu City, ang kanyang ina nama'y isang maybahay. Mayroon siyang isang kapatid na babae na nakapagtapos na ng pag-aaral at naghahanap ng mapapasukang trabaho. Ang kaniyang ama ang sumusuporta sa kanyang pag-aaral sapagkat walang maayos na trabaho ang kanyang ina. Sila ay nakatira pansamantala sa kanilang lola habang wala pa silang permanenteng matutuluyan. Ang modular learning ay may epekto hindi lamang sa kaniyang akademikong pagganap kung hindi pati na rin ang kaniyang pananaw sa buhay. Natutuhan niyang maging mas disiplinado at responsable sa kanyang pag-aaral.

Ang ikapitong kalahok ay si **Ian** "Ang Matapang na Laban ni Ian". Siya ay lumaki sa kanyang lolo at lola sapagkat ang kanyang mga magulang ay naghiwalay na noong siya ay bata pa lamang. Mayroon siyang dalawang kapatid at ang tawag sa kanila'y 'tres marias' at sa kanilang tatlo siya ang bunso sa mga ito. Ngunit, sa kabila ng paghihiwalay ng kaniyang mga magulang hindi niya kailanman naramdaman ang kulang na pagmamahal sapagkat pinuno siya ng pagmamahal at pag-aaruga ng mga taong nakapalibot sa kaniya. Ngayon, siya ay nagsusumikap sa kanyang pag-aaral hanggang sa makamit niya ang pangarap niya na maging pulis sa hinaharap. Ayon sa kanya, bagama't mahirap ang modular learning, naging daan ito upang matuto si Ian ng mahahalagang kasanayan gaya ng disiplina, responsibilidad, at pagiging independent.

Ang ikawalong kalahok ay nasa ilalim ng pangalang **Lyn-lyn** "Ang Magiting na Hakbang ni Lyn-Lyn". Guro ang kanyang ina at ang kaniyang ama naman ay nagpapatakbo ng kanilang negosyo. Mayroon siyang dalawang kapatid na umaalalay sa kaniya sa tuwing siya ay mayroong problema. Ang kaniyang pamilya ang sumusuporta sa kaniyang emosyonal at sikolohikal na seguridad, ang init ng pagmamahal at pagsasamahan ang nagpapanatili sa kanilang mas matatag na relasyon bilang isang pamilya. Naging hamon man ang modular learning para kay Lyn-Lyn, naging oportunidad din ito upang mapatibay ang kanyang disiplina sa pag-aaral.

Ang pinaghanguan ng pananaliksik na ito ay mga panayam ng mga mag-aaral mula sa ika-sampung baitang na siyang nakararanas ng modular na paraan ng pagkatuto sa pagsagot ng asignaturang Filipino. Isinasaalang-alang din ng mananaliksik ang mga ebidensiya ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral, kung ito ba ay tumutukoy sa mataas o mababang marka, gayundin ang kanilang mga pahayag ukol sa mga naranasang kahirapan at kasiyahan sa paggamit ng module. Ang bawat tugon ay nagmula sa kanilang personal at aktuwal na karanasan, na siyang nagsisilbing pangunahing batayan sa pagsusuri ng pananaliksik na ito.

Sa pagkalap ng kinakailangang datos, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang: Una, gumamit siya ng purposive sampling upang piliin ang mga impormanteng may kaugnayan at direktang kontribusyon sa layunin ng pag-aaral. Bago magsimula ang panayam, ipinabasa at ipinaunawa sa mga kalahok ang kaalamang pahintulot, na naglalaman ng mga

kondisyon kung saan nakasaad na boluntaryo ang kanilang pakikilahok at kusa nilang ibabahagi ang kanilang karanasan na mahalaga sa tagumpay ng pananaliksik. Pangalawa, nagsagawa ng isang oryentasyon ang mananaliksik upang ipaliwanag ang layunin ng pag-aaral, ang inaasahang haba ng panayam, mula tatlumpu hanggang apatnapu't limang minuto (30-45 mins.) o higit pa at tiniyak ang pangangalaga sa pagiging kumpidensyal ng lahat ng impormasyong kanilang ibabahagi.

Bukod dito, sa panahon ng panayam, ang mga sagot ng mga impormante ay itinala gamit ang smartphone. Humingi rin ng pahintulot ang mananaliksik na kukuha siya ng larawan sa mga gawain niya na makatutulong sa tagumpay ng pag-aaral at sinigurado silang hindi makikita ang kanilang mismong mukha sa larawan upang mapanatili ang kumpedensiyalidad ng pag-aaral. Gayunpaman, kung hindi komportable sa pagsagot ang mga impormante sa mga tanong, maaari nilang piliing huwag sagutin ang mga katanungang nagdudulot sa kanila ng anumang sikolohikal o emosyonal na pagkabalisa, o maaari silang umatras bilang kalahok sa pag-aaral kung sa tingin nila ay hindi kayang talakayin ng mananaliksik ang impormasyong hinihingi.

Matapos makolekta ang mga datos, isinalin ng mananaliksik ang mga ito mula sa katutubong wika patungo sa Filipino, at sa pamamagitan ng tematikong pagkukumpol, na ayon kay Meister (2017) ay epektibong paraan ng pagsusuri, ay natukoy ang mga umuusbong na tema mula sa mga pahayag ng mga kalahok. Ang mga umusbong na tema ay ginawan ng pagsasalaysay at iniayon sa mga tanong ng pananaliksik batay sa pagkasunod-sunod nito.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng in-depth interview sa pagitan ng mga kalahok at mananaliksik, gamit ang mga open-ended questions upang makuha ang mas malawak na sagot mula sa mga kalahok, at ang close-ended questions na nagbibigay ng limitadong sagot na oo o hindi (Creswell, 2012). Ang mga katanungang ito ay nilikha upang masusing tuklasin ang mga pananaw ng mga kalahok. Upang matiyak ang bisa at pagiging maaasahan ng talatanungan, dumaan ito sa balidasyon mula sa mga eksperto sa larangan, kabilang ang dalawang panelista at isang gurong eksperto sa pagsusuri ng mga talatanungan. Ang proseso ng balidasyon ay mahalaga upang tiyakin ang kredibilidad at integridad ng mga datos na nakalap mula sa mga kalahok, at upang mapahusay ang kalidad ng instrumento ng pananaliksik.

## RESULTA

### Ang Masigasig na Liwanag ni Line

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Ang kaniyang kwento sa pag-aaral sa panahon ng modular learning, habang siya ay nasa ikasampung baitang na nagkaroon ng iba't ibang karanasan sa nasabing sistema. Ayon sa kanya, bagama't may mga positibong epekto ang modular learning, hindi maikakaila na ito ay nagdulot at nagdudulot din ng maraming hamon.

Isa sa mga pangunahing pagsubok na kanyang naranasan ay ang kahirapan sa pag-unawa ng mga aralin nang mag-isa. Dahil sa kawalan ng pisikal na interaksyon, hindi siya makapagtanong nang direkta sa kaniyang guro, hindi rin siya makakuha ng agarang pidbak at walang kakayahang makipagdiskusyon sa mga kaklase. Minsan ay nakakawala ito ng gana at nagpapahirap sa kanyang pagkatuto.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Ngunit, sa pagdaan ng panahon, nakaisip siya ng mga paraan upang malampasan ang mga hamong ito, nagsaliksik si Line sa iba't ibang mapagkukunan ng reperensiya, humingi ng

tulong sa kanyang nakatatandang kapatid, at sinubukang pamahalaan nang maayos ang kanyang oras.

Sa kabilang banda, sa gitna ng mga hamong naranasan, may mga positibong aspecto rin ang modular learning para kay Line. Isa sa kaniyang nagustuhan ay ang kakayahang mag-aral sa sarili niyang bilis, na nakatulong sa pagpapabuti ng kaniyang paggamit sa oras at pagiging mas responsable, ngunit, hindi rin niya nakalilimutang magpahinga sa tuwing napapagod na siyang mag-aral, ayon din sa kaniya mas natututo siya kapag nag-aral siya sa tahimik na lugar kasabay ng pakikinig ng musika.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Sa kanyang paglalakbay sa modular learning, natutuhan din niyang higit pang pahalagahan ang asignaturang Filipino. Nagbago ang kaniyang interes sa pag-aaral sapagkat mas napahalagahan niya ito sapagkat nagkaroon siya ng pagkakataong matuto sa kaniyang sariling pagkatuto. Napansin niya na mas madali sa kaniya ang simpleng pagbabasa at pagsusuri ng mga salita, subalit nahirapan siya sa gramatika at pagsulat ng mahabang sanaysay.

Upang matiyak din ang epektibong pagkatuto, gumawa si Line ng iskedyul sa pag-aaral, umiwas sa mga abala tulad ng cellphone, social media, ay iba pa at tiniyak na hindi siya magpapatong-patong ng gawain. Kapag may hindi nauunawaan, binabasa niya itong muli, naghahanap ng paliwanag sa internet, at humihingi ng tulong sa kanyang kapatid.

Malaki rin ang naitulong ng kanyang pamilya sa kanyang pagkatuto. Pinapaliwanag nito ang mga mahihirap na aralin na hindi niya maintindihan, nakikipagtalakayan siya sa paksa at binibigyan din siya nito ng mga halimbawa upang mas along maunawaan ang mga aralin sa Filipino at mapadali ang kaniyang pagkatuto. Isa sa mga madalas niyang ginagamit na online resources ay YouTube, kung saan marami siyang natutunang paliwanag sa mga araling hindi niya agad maunawaan.

Ngayon, masaya na si Line sapagkat kahit papaano nakasasagot na siya sa mga mahihirap na tanong sa kaniyang modyul at nakakukuha na siya ng perpektong iskor sa kani-kanilang mga pagsusulit. Sa paglipas ng panahon, natutunan din ni Line kung paano isabuhay ang kanyang mga natutunan sa modular learning. Inaangkop niya ang kaniyang natutuhan sa pamamagitan ng pagiging responsable, mas maayos na pamamahala sa oras at pagsasanay ng pagiging disiplinado sa sarili. Ang kaniyang kasanayan sa pagsulat, pagbasa, at pagsasalita sa Filipino ay bumuti, ngunit aminado siyang kulang ang kanyang pagsasanay dahil sa limitadong interaksyon.

Sa huli, napagtanto ni Line na kaya niyang matuto nang mag-isa, subalit mas epektibo pa rin kung may interaksyon at gabay mula sa guro upang mas lalong maintindihan ang aralin at magiging tumpak ang kaniyang mga sagot sa mga ipasasagot sa kaniya maging ang mga aktibidades na kailangan nilang gawin. Kung sakali man na muli siyang makaranas ng ganitong uri ng sistema, gagamitin niya ang kanyang mga natutuhan upang mas mapaunlad pa ang kanyang kakayahan sa pag-aaral.

**Ang Maingat na Paglalakbay ni Jud**

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Ang kwento ni Jud sa kaniyang modular learning ay hindi nalalayo sa kaniyang mga kaklase sapagkat maging siya ay maraming pagsubok na naranasan at nararanasan, ngunit mayroon din naman itong magandang naidulot sa kaniyang pagkatuto bilang Isang mag-aaral.

Sa panahon ng modular learning, maraming mga hamon ang kinaharap ni Jud bilang isang mag-aaral sa asignaturang Filipino. Isa sa pinakamalaking pagsubok na kanyang naranasan ay ang hirap sa pag-intindi ng mga paksa at ang kakulangan ng interaksyon sa kanyang guro na hindi rin nalalayo sa nararamdam ni Line. Dahil dito, naging mahirap para sa kanya ang humingi ng tulong at magkaroon ng mas malinaw na diskusyon ukol sa mga paksa. Pinakamalaking hamon para sa kaniya ang pagpapaliwanag ng mahihirap na paksa nang walang gabay ng guro. Ngunit, upang malampasan ito, siya ay nagsaliksik at gumamit ng iba't ibang online resources upang makatulong sa kanyang pag-aaral kagaya na lamang ng YouTube.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Sa kabila ng mga kahirapang naranasan, natutuhan ni Jud na magsariling sikap. Aminado siyang mas naging mahirap unawain ang ilang aralin, ngunit dahil sa pagsusumikap, natutuhan niyang maging mas mapanuri. Bagama't bumaba ang kanyang interes sa asignaturang Filipino, napag-aralan niyang suriing mabuti ang bawat leksiyon. Para sa kanya, mas madali ang pagbasa ng tula at iba pang likhang pampanitikan, ngunit nahirapan siya sa gramatika. Upang mapabuti ang kaniyang kakayahan, sinunod niya ang gabay sa module at nagsanay sa pagsusulat.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Sa kabilang banda, isa sa mga positibong epekto ng modular learning kay Jud ay ang pagkatuto niyang pamahalaan ang oras at maging mas responsable sa kanyang pag-aaral. Ginamit niya ang paggawa ng iskedyul at paggamit ng sanggunian sa online bilang estratehiya upang gawing mas epektibo at kasiya-siya ang kanyang pagkatuto. Ang pinakapaborito niyang bahagi ng karanasang ito ay ang kakayahang umangkop ng kanyang oras sa pag-aaral. Ayon sa kanya, mas natuto siyang mag-aral nang mag-isa, isang kasanayang maaari niyang magamit sa hinaharap.

Upang matugunan ang mga layunin sa pag-aaral, maingat niyang pinamahalaan ang kanyang oras sa pamamagitan ng paggawa ng iskedyul na isinaad sa unang bahagi at pagsunod dito. Upang maiwasan ang pagkaantala sa pagsagot ng modules, tinapos niya agad ang kanyang mga gawain at iniwasan ang prokrastinasyon. Kapag hindi niya agad nauunawaan ang isang aralin, naghahanap siya ng sagot sa internet at nagtatanong sa kanyang guro.

Malaki rin ang naging papel ng kanyang pamilya, guro, at online resources sa kanyang pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagtatanong at pakikipagdiskusyon sa kanila, napalalim niya ang kanyang kaalaman sa asignaturang Filipino. Madalas din niyang ginagamit ang YouTube at mga educational websites upang mas maunawaan ang mga paksa at magkaroon ng karagdagang kaalaman sa kaniyang aralin, ngunit ayon sa kanya, ang malinaw na paliwanag pa rin ng kaniyang guro ang nagdulot ng malaking tulong sa kanyang pagkatuto.

Sa kabila ng lahat ng ito, napatunayan ni Jud na ang modular learning ay may epekto rin sa kaniyang pag-unlad sa pagsulat, pagbasa, at pakikipag-usap sa Filipino. Mas naging bihasa siya sa pagsulat at pagbasa, ngunit aminado siyang kulang ang kanyang kasanayan sa pagsasalita.

Isa sa mga pinakamalaking hamon na kaniyang naranasan ay ang pagsusulat ng

akademikong papel nang walang sapat na gabay mula sa guro. Gayunpaman, napabuti niya ang kaniyang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mas madalas na pagsasanay. Sa pagsusulat, mas naging malinaw ang kaniyang pagpapahayag ng ideya, subalit nahirapan pa rin siyang magsalita nang may kumpiyansa.

Sa likod ng lahat niyang naranasan, naniniwala siyang may mabuti at hindi mabuting epekto ang modular learning sa kanyang pag-aaral sa asignaturang Filipino. Natutuhan niyang maging disiplinado at magsipag sa pag-aaral, ngunit mahirap para sa kaniya ang mag-aral ng mag-isa dahil walang agarang paliwanag mula sa guro at upang malampasan ito, ginamit niya ang iba pang *learning resources* upang mapanatili ang kanyang akademikong pagganap.

Isa sa pinakanatatanging tagumpay ni Jud ay ang pagtatapos ng kanyang mga aralin nang mag-isa. Sa kabila ng mga hadlang, natuto siyang maging masipag at matiyaga. Ang kaniyang payo sa ibang mag-aaral ay ang maging disiplinado upang mapagtagumpayan ang anumang pagsubok sa modular learning. Sa simula, inamin niyang nahirapan siya, ngunit sa paglipas ng panahon, natutuhan na niyang umangkop. Ayon sa kanya, mas magiging mainam ang modular learning kung may mas maraming gabay mula sa guro.

Sa kabuoan, napagtanto ni Jud na ang disiplina at pagiging masipag ay mahalagang bahagi ng epektibong pagkatuto. Natuklasan niyang mas epektibo siyang natututo sa gabay ng isang guro, kaya sa hinaharap, mas aayusin niya ang kaniyang iskedyul at magiging mas organisado sa kaniyang pag-aaral, sa kanyang karanasan sa modular learning, natutuhan niyang maging responsable at mas determinado sa kaniyang edukasyon para sa pangarap sa hinaharap.

**Ang Matalinong Kaalaman ni Tine**

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Ang kaniyang istorya sa modular learning ang nagbigay sa kaniya ng pagkakataong mas umunlad ang kaniyang kakayahang mag-aral nang mag-isa na kung saan ito ay nakatutulong sa kaniyang pag-unlad sa kabuoang karanasan bilang isang mag-aaral. Hindi katulad nina Line at Jud, mas marami ang naging magandang karanasan ni Tine sa panahon ng makabagong sistema ng pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Noong unang ipinatupad ang modular na sistema ng pag-aaral, si Tine ay nakaramdam ng pananabik. Isang bagong paraan ito ng pagkatuto, ngunit sa paglipas ng panahon, unti-unting lumitaw ang mga hamon. Isa sa mga pangunahing pagsubok na kanyang naranasan ay ang kahirapan sa pag-unawa sa malalalim na paksa sa Filipino. Dahil walang guro na personal na nagpapaliwanag, madalas siyang mahirapang intindihin ang aralin, lalo na kung hindi naka-pokus ang kaniyang atensiyon sa module.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Dahil sa kawalan ng pisikal na interaksyon sa guro at mga kaklase, natutuhan ni Tine na umasa sa sarili niyang pagsisikap. Mas naging mapanuri siya sa mga aralin at natutong magbasa nang mas maigi upang matutuhan ang mga konsepto nang mag-isa. Sa simula, hindi niya nagustuhan ang modular learning, subalit sa paglipas ng panahon, natutuhan niyang disiplinahin ang sarili. Sinimulan niyang basahin ang mga module nang may tiyaga, at hindi nagtagal, naging mas madali na sa kaniya ang pagsagot ng mga ito.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Nang tanungin kung paano naapektuhan ng modular learning ang kanyang pag-unawa at pagpapahalaga sa Filipino, inamin ni Tine na sa simula ay tila nawala ang kanyang interes. Dahil

walang guro na nagtuturo nang harapan, nahirapan siyang maunawaan ang mga aralin, hindi lamang sa Filipino kung hindi pati na rin sa iba pang asignatura. Gayunpaman, hindi ito naging hadlang upang ipagpatuloy niya ang pag-aaral. Sa kabila ng kaniyang mga pagsubok, hindi nagbago ang kanyang interes sa asignaturang Filipino. Gustong-gusto pa rin niyang matuto at ipagpatuloy ang kanyang pag-unlad sa larangang ito.

Sa mga aralin sa Filipino, pinakamadali para kay Tine ang mga gawain kung saan kinakailangan niyang ipahayag ang kanyang opinyon. Wala siyang masyadong naging paboritong bahagi ng modular learning hindi gaya nang nauna sa itaas, ngunit natutuhan niyang gamitin ang self-learning modules upang mapabuti ang kaniyang kakayahan sa asignatura. Kahit minsan ay nakatatamad, nagsisikap siyang magbasa at unawain ang mga aralin upang masagot ang mga gawain nang maayos at tama.

Isa sa mga positibong karanasan ni Tine sa modular learning ay ang kakayahang matuto nang mag-isa. Hindi na niya kailangang umasa sa guro sa lahat ng pagkakataon; natutunan niyang magsuri at mag-aral nang mas epektibo. Upang gawing mas kawili-wili ang modular learning, ginagawa niya ang mga gawain tuwing malapit na ang deadline dahil ayon sa kaniya mas nagiging aktibo ang kaniyang utak na mag proseso ng aralin kung naiisip niyang malapit na ang deadline ng mga ito. Bagama't hindi ito ang pinaka-epektibong paraan, ito ang nakapagbibigay sa kaniya ng hamon at motibasyon upang tapusin ang mga gawain sa takdang oras.

Bilang karagdagan, inamin ni Tine na madalas niyang ginagawa ang module kapag malapit na ang deadline. Para sa kaniya, mas madaling matapos at maunawaan ang nilalaman ng module kapag may limitadong oras. Kapag may hindi siya maintindihan, lumalapit siya sa kaniyang pamilya, lalo na sa kanyang nakatatandang kapatid na may kaunting agwat lamang sa kanya. Bukod sa suporta ng pamilya, nakatutulong din sa kaniya ang impormasyon sa module mismo, kaya't pinipilit niyang unawain ito nang maigi.

Sa kabila ng mga ito, natutuhan ni Tine na gamitin ang kaniyang kaalaman sa Filipino sa totoong buhay. Madalas niyang ikuwento sa kanyang pamilya ang mga alamat at iba pang natutunan sa asignatura. Sa pakikipagkaibigan online, lalo na sa paglalaro ng Mobile Legends, ginagamit niya ang kaniyang kasanayan sa wika upang makipagkomunikasyon nang mas epektibo. Napagtanto rin niya na ang modular learning ay isang oportunidad upang mapabuti ang kaniyang kakayahang magsalita at magsulat sa Filipino. Kahit mahirap sa simula, napansin niyang mas gumaling siya sa pag-unawa ng mga aralin kahit mag-isa.

Isa sa kaniyang mga tagumpay ay ang pagpapanatili ng mataas na marka sa kabila ng pagbabago sa sistema ng pag-aaral. Nalampasan niya ang mga hadlang sa pamamagitan ng maayos na pagsagot sa mga module at masusing pagbabasa ng mga aralin. Dahil dito, nais niyang ipayo sa iba pang mag-aaral na huwag sumuko sa kanilang pag-aaral, anuman ang sitwasyon—gusto man o hindi, madali man o mahirap—ang pinakamahalaga ay ang patuloy na pagsisikap at determinasyon.

Ngayon, habang bumabalik-tanaw siya sa kaniyang karanasan sa modular learning, inamin ni Tine na sa simula ay hindi niya ito gusto. Ngunit sa paglipas ng panahon, natutuhan niyang yakapin ang bagong sistema at gamitin ito upang mapaunlad ang kanyang sarili. Kung sakali mang ipatupad muli ang modular learning sa hinaharap, handa siyang harapin ito sa parehong determinasyon. At bilang isang aral na kanyang natutuhan, hindi na siya maghihintay ng deadline bago simulan ang kaniyang mga gawain—isang hakbang patungo sa mas epektibong pagkatuto.

**Ang Matiyagang Aksyon ni Cess**

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Ang kwento ni Cess sa modular learning ang nag-udyok sa kaniya na mas magsikap pa sa pag-aaral. Naranasan ni Cess ang hamon at tagumpay ng modular na pag-aaral sa asignaturang Filipino kagaya nila Line, Jud at Tine. Sa simula pa lang, isang malaking pagsubok na para sa kaniya ang kakulangan ng direktang interaksyon sa guro at mga kaklase. Ito ang nagdulot ng hirap sa kaniya sa pagkuha ng agarang sagot sa mga tanong niya. Ang kwentong ito ni Cess ay naranasan din nina Line, Jud, Tine at iba pang kasangkot sa pananaliksik na ito. Dagdag pa rito, ang pinakamalaking hamon na kaniyang naranasan ay ang pagsunod sa mga deadlines at pagsagot sa mga aralin nang walang superbisyon.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Upang mapagtagumpayan ang mga hamong ito, gumawa si Cess ng personal na iskedyul at naghanap ng mga online resources upang matulungan siyang maunawaan ang mga aralin. Gayunpaman, naapektuhan pa rin ang kanyang pag-unawa sa asignaturang Filipino dahil hindi siya agad makapagtanong sa guro ukol sa mga hindi niya maintindihan. Subalit sa paglipas ng panahon, natutuhan niyang mas maging independent sa pagkatuto, bagama't may mga bahaging mahirap, tulad ng pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, nagamit niya ang kanyang self-learning modules upang masanay sa pagbabasa at pagsulat nang maayos.

Sa kabila ng mga pagsubok, may mga positibong karanasan din si Cess sa ilalim ng modular na sistema ng pag-aaral. Natuto siyang maging independent sa pag-aaral at mamahala ng oras. Ang paggawa ng iskedyul at pagiging disiplinado ay ilan sa mga estratehiyang kaniyang ginamit upang gawing mas epektibo at kasiya-siya ang kanyang pag-aaral. Ang kanyang paboritong bahagi ay ang kakayahang makapagtrabaho sa sarili niyang bilis, na sa tingin niya ay mas aangkop kumpara sa tradisyunal na klase.

Upang matiyak ang kanyang pagkatuto, inayos ni Cess ang kanyang oras sa pamamagitan ng paggawa ng iskedyul para sa mga aralin at gawain. Iniiwasan niya ang mga distraksiyon at nagtatalaga ng oras araw-araw upang tapusin ang mga modules. Kapag may hindi siya nauunawaan, humahanap siya ng mga halimbawa o sagot online at humihingi ng tulong sa mga guro. Malaki rin ang naitulong ng suporta ng kanyang pamilya at guro, pati na rin ang paggamit ng online resources tulad ng YouTube at educational websites upang mapalalim ang kanyang kaalaman.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Isa sa mahahalagang bagay na natutuhan ni Cess sa modular learning ay ang paggamit ng kaalaman sa tunay na buhay. Inilapat niya ang kaniyang natutuhan sa pagsasanay ng pagsulat at pakikipag-ugnayan sa iba, lalo na sa paggawa ng mga liham at maayos na pagpapahayag ng kaniyang opinyon sa Filipino. Napansin din niya ang kaniyang pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat at pagbasa, bagama't kailangan pa niyang paghusayin ang kaniyang pakikipag-usap.

Sa kabila ng mga hamon sa paggawa ng akademikong papel, tulad ng pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at pagsulat ng akdang pananaliksik, ginamit ni Cess ang self-learning modules upang mapabuti ang kaniyang kasanayan. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay sa pagbasa at pagsulat ng mga nasaysay, mas lumawak ang kaniyang kaalaman at kakayahang magpahayag ng ideya sa Filipino.

Sa pangkalahatan, nakita ni Cess ang kahalagahan ng pagiging disiplinado at responsable sa pag-aaral. Natutuhan niyang mas maging organisado at maghanap ng paraan upang mapabuti ang kanyang pagkatuto. Ang pinakamalaking tagumpay para sa kanya ay ang matapos ang mga

aralin at gawain sa oras nang walang tulong mula sa iba. Para sa kaniya, ang susi sa tagumpay sa modular learning ay ang pagiging masipag, masigasig, at patuloy na paghahanap ng paraan upang matuto nang epektibo.

Bilang karagdagan, sa kaniyang paglalakbay sa modular na sistema ng pag-aaral, nagbago ang pananaw ni Cess. Noong una, naguluhan siya, ngunit sa kalaunan ay natutuhan niyang umangkop at tanggapin ang bagong sistema. Kung ipagpapatuloy pa ang modular learning sa hinaharap, magiging handa na siya, dala ang kanyang mga natutunan at mas pinahusay na disiplina sa oras at pagkatuto. Ang bawat karanasan, mabuti man o masama, ay may dalang aral na makatutulong sa patuloy na pag-unlad ng isang mag-aaral tulad niya.

**Ang Masikap na Pag-aakay ni Mon**

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Sa kaniyang pag-aaral bilang isang mag-aaral ng ika-10 baitang, isa siya sa nakaramdan ng pangamba sa bagong paraan o sistema ng pag-aaral, Lalo na asignaturang Filipino. Sa modular learning, kinailangan niyang harapin ang iba't ibang pagsubok upang patuloy na matuto sa kabila ng kawalan ng pisikal na interaksyon sa mga guro at kaklase.

Hindi nalalayo ang kwentong hatid ni Mon sa kaniyang karanasan sa pag-aangkop ng modular learning sa kaniyang mga kaklase kabilang na Ang mga partisipante ng pananaliksik na ito, nagkaroon din siya ng mga maganda at hindi magadandang karanasan lalo na sa unang pagharap niya sa sistema ng ito.

Isa sa pinakamalaking hamon na kaniyang naranasan ay ang pagsagot sa mga modyul nang mag-isa. Nahihirapan siyang sagutan ang mga modyul dahil walang nagtuturo sa kaniya. Dahil dito, nawalan siya ng gana sa pag-aaral sapagkat pakiramdam niya ay hindi siya natututo nang lubusan. Isa rin sa kanyang mga pinagdaanan ay ang hirap sa pagiging independent at pagkakaroon ng self-discipline. Ayon sa kaniya, madali lang daw siyang mawalan ng pokus at maghahanap na siya ng ibang gawain kagaya ng pagce-cellphone at iba pa. Upang malampasan ito, naghanap siya ng tahimik na lugar sa kanilang bahay at gumawa ng iskedyul upang magkaroon ng pokus sa kanyang pag-aaral.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Sa kabila ng mga pagsubok, natuto rin siyang umangkop at maghanap ng paraan upang mapabuti ang kaniyang pagkatuto sa Filipino. Aminado siyang may mga konseptong mahirap unawain nang walang gabay ng guro, ngunit ginamit niya ang mga self-learning modules sa pamamagitan ng maingat na pagbabasa, pagsagot sa mga gawain, at pananaliksik online. Dahil dito, mas napahalagahan niya ang kagandahan ng wikang Filipino.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Bagama't mahirap, may mga positibong karanasan ding nakuha si Mon mula sa modular learning. Ito ay nagbigay sa kaniya ng pagkakataong matuto ng mag-isa. Natuto siyang maging organisado, disiplinado, at responsable sa oras. Upang gawing mas epektibo ang kanyang pag-aaral, gumamit siya ng mga estratehiya tulad ng paggawa ng iskedyul, pananaliksik sa internet, at pagtatanong sa kanyang nakatatandang kapatid. Dahil dito, nagkaroon siya ng kasiyahan sapagkat nakukuha na niyang sumagot sa module ng tama. Sa katunayan, madalas nagiging perpekto pa nga ang kaniyang mga pagsusulit.

Mahalaga rin sa kanya ang suporta ng kanyang pamilya at guro. Sa tuwing may hindi siya nauunawaan, agad siyang nagtatanong sa kanyang kapatid o gumagamit ng online resources tulad ng disksyunaryo sa online at YouTube videos. Malaking tulong din daw ang komunikasyon niya sa mga guro para mas malinawan sa mga aralin, nakikipag-usap siya sa kaniya gamit ang

Messenger.

Ang kanyang modular learning experience ay nagdulot din ng pagbabago sa kanyang pananaw sa edukasyon. Noon, nag-aalangan siya kung kaya niyang matuto nang mag-isa, ngunit natutuhan niyang mas epektibo ito kung may tahimik na lugar at sapat na oras para mag- pokus. Dahil dito, kung sakali mang muling ipatupad ang modular learning sa hinaharap, alam na niya ang mga estratehiyang kanyang gagamitin upang maging mas epektibo at organisado sa pag-aaral.

Sa huli, ang pinakamahalagang aral na natutuhan ni Mon sa modular learning ay ang pagiging independent at responsable. Napagtanto niyang mahalaga ang time management at goal setting upang mapanatili ang produktibong pagkatuto. Sa pamamagitan ng kanyang dedikasyon at pagsisikap, nagawa niyang malampasan ang hamon ng modular learning at mas pinahalagahan pa ang kahalagahan ng edukasyon.

**Ang Maabilidad na Kamay ni Nash**

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Sa mundo ng edukasyon, maraming mag-aaral ang nakaranas ng iba't ibang hamon at tagumpay sa ilalim ng modular na paraan ng pag-aaral. Isa sa kanila si Nash, isang mag-aaral na dumaan sa pagsubok ng pagkatuto nang walang gabay ng guro sa silid-aralan. Sa kanyang kwento, kanyang ibinahagi ang mga hamon na kanyang naranasan, pati na rin ang mga aral at tagumpay na kanyang natamo.

Bago pa man nagsimula ang panayam kay Nash, buong ngiti niyang inilahad na nananabik siyang ibahagi ang kaniyang kwento sa likod ng kaniyang karanasan sa Modular na sistema ng pagkatuto sapagkat napakarami ng kaniyang naranasan- maganda man o malungkot at nais niyang ibahagi ito sa iba upang malaman kung ano-ano ang kaniyang naranasan at kung paano niya ito nalampasan.

Isa sa pinakamalaking hamon na naranasan ni Nash sa modular na pag-aaral ay ang pag-unawa sa mga bagong salitang Filipino. Ayon sa kanya, maraming salita sa module ang mahirap intindihin dahil sa iba't ibang kahulugan ng mga ito. Hindi rin siya agad makapagtanong sa isang guro na maaaring magpaliwanag sa kaniya. Dahil dito, naramdaman niyang mas mahirap ang proseso ng pagkatuto. Ang kakulangan ng pisikal na interaksyon ay nagdulot din ng suliranin sa kaniyang paraan ng pag-aaral. Hindi niya agad nauunawaan ang konsepto at mas nagkaroon siya ng kahirapan sa pagpapaliwanag ng kanyang mga sagot.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Upang malampasan ang mga hamong ito, gumawa si Nash ng sariling estratehiya. Paulit-ulit niyang inaaral ang mga aralin upang mas maintindihan ang mga ito. Hindi siya tumitigil hangga't hindi niya ganap na nauunawaan ang mga konsepto. Sa kabila ng hirap, may positibong epekto rin ang modular learning sa kanyang pagkatuto. Natuto siyang maging mas responsable sa kanyang oras at mas binigyang-halaga niya ang kahalagahan ng pag-aaral.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Ayon kay Nash, isa sa mga natutuhan niya ay ang pagiging bihasa sa pagpapahayag ng mga salita sa Filipino. Mas naging madali sa kaniya ang pagbabasa ng mga kwento, bagama't nahirapan siya sa pagsagot ng mga tanong. Upang mapabuti ang kanyang kasanayan, naglaan siya ng sapat na oras sa pagbabasa ng kanyang mga module. Isa rin sa mga naging paborito niyang bahagi ng modular learning ay ang paggawa ng mga tula at sanaysay, pati na rin ang kalayaang hawakan ang sarili niyang oras sa pag-aaral.

Sa kabila ng mga hamon, marami siyang natutuhan sa ilalim ng sistemang ito. Natutuhan niyang pahalagahan ang disiplina sa sarili at ang kahalagahan ng maayos na iskedyul sa pag- aaral. Binibigyan niya ng sapat na oras ang kanyang aralin at itinuturing niyang mahalaga ang bawat oras na ginugugol niya sa pagbasa at pagsagot ng mga gawain at ito ang naging dahilan ng pagbabago ng kaniyang mga awputs sa module sa Filipino, nakukuha na niya ang mga perpektong iskor sa kanilang mga aktibidad maging sa mga pagsusulit.

Sa kanyang pag-aaral, ginamit niya ang iba't ibang mapagkukunan ng impormasyon upang mas mapalalim ang kanyang kaalaman. Minsan, nagtatanong siya sa kanyang pamilya, at sa iba pang pagkakataon, gumagamit siya ng online resources tulad ng YouTube upang makahanap ng sagot sa kanyang mga katanungan. Malaki rin ang naitulong ng kanyang guro sa pamamagitan ng komunikasyon, na siyang nagtulak sa kanya upang makamit ang mas mataas na marka.

Ang modular learning ay may epekto hindi lamang sa kaniyang akademikong pagganap kung hindi pati na rin ang kaniyang pananaw sa buhay. Natutuhan niyang maging mas disiplinado at responsable sa kanyang pag-aaral. Naging mas maayos ang kanyang pakikipag-ugnayan sa iba dahil sa mas malalim na pag-unawa sa wikang Filipino. Ang modular learning ay nagbigay sa kaniya ng pagkakataong maglaan ng sapat na oras sa pag-aaral, ngunit hindi rin maiiwasang madala siya ng mga tukso sa paligid, tulad ng pagiging tamad o pagkakaroon ng ibang gawain na hindi nauugnay sa pag-aaral.

Sa huli, natutuhan niya ang kahalagahan ng tamang oras at disiplina sa pag-aaral. Napagtanto niya na ang pagiging positibo sa kabila ng mga hamon ay isang mahalagang aral na kaniyang babaunin sa hinaharap. Kung sakaling muli siyang makaranas ng modular learning, alam na niya kung paano ito haharapin. Para sa kanya, mahalagang bigyan ng sapat na oras ang pag-aaral at hindi magpapadala sa mga bagay na hindi makatutulong sa pagkatuto. Sa kabila ng lahat, masasabi ni Nash na ang modular learning ay isang karanasang puno ng pagsubok ngunit may hatid ding tagumpay. Sa pamamagitan ng tiyaga at determinasyon, napatunayan niyang kaya niyang magtagumpay sa kabila ng anumang hamon.

**Ang Matapang na Laban ni Ian**

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Ang kwento ni Ian ay nagsisilbing inspirasiyon sa lahat ng mag-aaral lalo na iyong may hindi magandang relasyon sa kaniyang pamilya sapagkat sa kabila ng balakid na ito, hindi ito naging hadlang upang huminto siya sa kaniyang pag-aaral. Bagkus, nagsilbi itong motibasiyon niya na magsumikap pa sa pag-aaral hanggang sa makamit na niya ang inaasam niya sa buhay. Sa kaniyang pag-aaral sa panahon ng Modular, naranasan ni Ian ang iba't ibang hamon at tagumpay sa asignaturang Filipino. Isa sa mga unang pagsubok na kanyang hinarap ay ang kahirapan sa pag-intindi ng mga malalalim na salita. Dahil walang guro na agad na makapagbibigay ng paliwanag, madalas niyang maramdaman ang kawalan ng agarang gabay. Ang kakulangan ng pisikal na interaksyon ay nagbawas ng oportunidad para sa mabilisang paglilinaw ng mga aralin, kaya't mas mahirap para sa kaniya ang mas malalim na pag-unawa sa mga paksa. Sa lahat ng aspeto ng modular learning, ang kawalan ng pisikal na gabay ng guro ang pinakamalaking hamon na kanyang naranasan.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Upang malampasan ang mga suliraning ito, humingi siya ng tulong sa kanyang mga pinsan upang maipaliwanag sa kaniya ang mahihirap na salita. Sa kabila ng mga hamon, natutuhan niya kung paano maging mas independent sa kaniyang pag-aaral. Bagama't nahirapan

siya noong una, natuklasan niyang kaya niyang paghusayin ang kaniyang kasanayan sa Filipino sa pamamagitan ng masusing pagbabasa, pag-unawa, at pagsagot sa mga gawain sa self-learning modules.

Sa kabilang dako, may mga positibong karanasan din siyang naranasan sa ilalim ng modular na sistema ng pag-aaral. Ang mas malayang iskedyul ay nagturo sa kanya ng tamang pamamahala ng oras, isang kasanayang magagamit niya sa hinaharap. Upang gawing mas epektibo ang kanyang pag-aaral, gumawa siya ng maayos na iskedyul upang maiwasan ang pagka-ipon ng gawain. Pinakapaborito niyang bahagi ng modular learning ay ang pagiging malaya sa oras at ang pagkakataon na makakuha ng tulong mula sa kaniyang mga pinsan.
Subalit, sa kanyang pananaw, hindi naging kasing-epektibo ang
modular learning kumpara sa tradisyunal na klase dahil mas mainam pa rin kung may guro na nagtuturo nang harapan.

Upang matiyak ang kanyang pagkatuto sa modular na sistema, sinigurado niyang maingat niyang pinamamahalaan ang kanyang oras sa pamamagitan ng paggawa ng iskedyul. Gumamit siya ng mga estratehiya upang maiwasan ang pagkaantala sa pagsagot ng modules, tulad ng paglalaan ng tiyak na oras araw-araw para tapusin ang kanyang mga gawain. Kapag may hindi siya nauunawaan, nagsasaliksik siya sa internet o nagtatanong sa kanyang mga pinsan kung hindi sila abala. Malaki rin ang naging tulong ng kaniyang pamilya, guro, at mga hanguang online gaya ng Google at YouTube sa kanyang pagkatuto. Ginamit niya ang gabay ng kaniyang pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila tungkol sa mga aralin na mahirap intindihin, at malaki rin ang naitulong ng komunikasyon sa kanyang guro upang malinawan siya sa mga mahihirap na konsepto.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Ang modular learning ay nagturo rin sa kanya ng disiplina at responsibilidad. Natutunan niyang maging mas masipag at organisado sa kanyang pag-aaral, kaya't naisapamuhay niya ang kanyang natutuhan sa pamamagitan ng pagiging mas responsable sa kanyang mga gawain. Mas naging epektibo rin ang kanyang pakikipagkomunikasyon sa iba dahil natuto siyang gumamit ng tamang gramatika at bumuo ng malinaw na pangungusap. Bukod dito, nagkaroon siya ng mas malalim na pagpapahalaga sa asignaturang Filipino matapos ang modular learning, dahil natutuhan niyang pahalagahan ang ating wika.

Sa aspeto ng akademikong pagganap, nakita niyang may mga benepisyo at limitasyon ang modular learning. Nakatulong ito sa kaniya upang maging mas independent sa pag-aaral, ngunit may mga aralin ding mahirap intindihin nang walang gabay ng guro. Isa sa kaniyang mga hamon ay ang kakulangan ng agarang pidbak mula sa guro sa pagsulat ng akademikong papel. Gayunpaman, napabuti niya ang kaniyang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng disiplina sa pagbabasa at pag-unawa ng mga mahahalagang konsepto sa mga modules. Sa pagsulat, natutuhan niyang ipahayag ang kaniyang mga ideya nang mas malinaw dahil sa pagsagot sa mga gawain sa module.

Isa sa mga pinakanatatanging tagumpay ni Ian sa modular learning ay ang pagiging independent sa kanyang pag-aaral. Ipinagmamalaki niya ang kaniyang kakayahang maghanap ng sagot sa kaniyang mga tanong at pagbalanse ng kaniyang pag-aaral at iba pang responsibilidad sa bahay. Upang malampasan ang mga hadlang, gumawa siya ng epektibong iskedyul at pinanatili ang disiplina sa sarili. Dahil sa kaniyang mga natutuhan, kung sakali mang maranasan niyang muli ang modular learning sa hinaharap, sisiguraduhin niyang mas magiging organisado at masipag pa siya sa pag-aaral.

Sa pangkalahatan, bagama't mahirap ang modular learning, naging daan ito upang matuto

si Ian ng mahahalagang kasanayan gaya ng disiplina, responsibilidad, at pagiging independent. Ang kaniyang mga natutuhan ay hindi lamang nakatulong sa kaniyang pag-aaral, kung hindi pati na rin sa kaniyang pang-araw-araw na buhay. Sa kaniyang pananaw, mas epektibo pa rin ang tradisyunal na klase, ngunit kung sakaling muling ipatupad ang modular learning, alam na niya kung paano haharapin ang mga hamon at gawing mas epektibo ang kanyang pagkatuto.

**Ang Magiting na Hakbang ni Lyn-Lyn**

*Paglalarawan sa Karanasan sa Modular Learning*

Ang ibabahaging kwento ni Lyn-lyn ay isang karanasang hindi niya malilimutan sa kaniyang buhay dahil ang pagkakaroon ng modular learning ay isang pangyayaring hindi niya inasahan maging ang mga hamon na kaakibat nito. Nang malaman niyang hindi na siya papasok sa paaralan at kailangang mag-aral nang mag-isa, agad siyang kinabahan dahil hindi siya ma marunong mag-aral ng mag-isa. Ang kakulangan ng pisikal na interaksyon ay nagdulot sa kaniya ng takot at pangamba. Hindi siya sanay sa ganitong sistema, at lalo pa itong pinahirap ng kanyang pagiging hindi mahilig magbasa.

*Estratehiyang ginamit sa Hamon ng Modular Learning*

Ang pagbabasa ng mga aralin sa Filipino ang naging pinakamalaking hamon para sa kanya. Gayunpaman, hindi siya sumuko. Upang matugunan ang suliraning ito, humingi siya ng tulong sa kanyang ina. Tinatanong niya ito kung ano ang ibig sabihin ng kaniyang aralin na sa paglipas ng panahon, natuto siyang maging mas responsable sa kaniyang pag-aaral. Ang pagbabasa ng module ay nakatulong upang mapalakas ang kaniyang kasanayan sa pag-aaral nang mag-isa, at unti-unti siyang naging mas organisado sa kanyang pagkatuto.

*Epekto ng Modular Learning sa Pag-unlad ng Pagkatuto*

Dahil sa modular learning, mas lumalim ang kanyang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino. Mas naging interesado siya sa asignaturang Filipino dahil sa mga kwento, kagaya ng tula, alamat, at iba pa. Napansin niyang mas nagiging madali para sa kanya ang pagbasa, lalo na kung ang paksa ay may kinalaman sa panitikan. Gayunpaman, nananatiling isang hamon ang pagsagot sa mga katanungan sa module. Upang mapabuti ang kaniyang pag-unawa, palagi siyang nagbabasa at humihingi ng gabay mula sa kaniyang mga magulang at nakatatandang kapatid.

Sa kabila ng mga pagsubok, may mga positibong karanasang hatid ang modular learning kay Lyn-lyn. Dahil sa patuloy na pagbabasa, mas tumalas ang kanyang pag-iisip at mas naging mahusay siya sa pag-unawa ng mga pangungusap. Isa sa kaniyang mga estratehiya ay ang paggamit ng internet upang magsaliksik ng mahihirap na salita. Sa ganitong paraan, mas napadali ang kanyang pagkatuto at mas nagkaroon siya ng kumpiyansa sa paggamit ng wikang Filipino.

Isa pang hamon sa modular learning ay ang tamang pamamahala ng oras. Upang matiyak na hindi siya maaantala sa pagsagot ng mga module, binabalikan niya ang mga aralin tuwing may hindi siya nauunawaan. Sinisikap din niyang iwasan ang labis na paggamit ng cellphone, dahil alam niyang maaaring makaapekto ito sa kanyang pokus dahil ayon sa kaniya kapag nasimulan na niyang humawak ng cellphone nahihirapan na siyang makapagpokus sa pag-aaral.

Sa kabila ng mga limitasyon ng modular learning, natagpuan ni Lyn-lyn ang suporta mula sa kanyang pamilya, guro, at maging sa online resources. Dahil may kanya-kanyang responsibilidad ang mga tao sa kanilang bahay, madalas siyang dumepende sa social media upang makahanap ng sagot sa kanyang mga katanungan. Ginagamit niya ang YouTube upang mapanood ang DepEd page na may mga videos tungkol sa iba't ibang aralin sa Filipino. Malaki rin ang naitulong ng pakikipag-ugnayan sa kanyang mga guro sa pamamagitan ng Messenger, lalo na kapag may

hindi siya nauunawaang aralin.

Sa pagtatapos ng modular learning, napansin niya ang malaking pagbabago sa kanyang kasanayan sa pagsulat, pagbasa, at pakikipag-usap sa Filipino. Nakauunawa na siya ng Filipino ngunit inamin niyang hindi pa rin siya masyadong marunong magsalita. Isa sa mga hamon na kaniyang hinarap ay ang pagsusulat ng akademikong papel, lalo na sa pagsunod sa deadline. Gayunpaman, dahil sa patuloy na pagbabasa, unti-unti siyang gumaling sa pag-unawa ng mga pangungusap na naging dahilan nang pagdebelop ng kaniyang mga resulta sa kanilang pagsusulit.

Naging hamon man ang modular learning, naging oportunidad din ito upang mapatibay ang kanyang disiplina sa pag-aaral. Mas natuto siyang maging madiskarte sa pagkuha ng mga paksa sa YouTube upang mas maintindihan niya ito nang maigi. Kung sakaling muling ipatupad ang modular learning, alam niyang mas magiging handa na siya. Aniya, ibabalik niya iyong una niyang ginagawa na palaging pagbabasa at hindi siya mawawalan ng pakikipag-usap sa kaniyang guro sa Filipino.

Sa pagtatapos ng kaniyang kuwento, natutuhan niyang ang pagkatuto ay hindi lamang nakasalalay sa klase o sa guro, kung hindi sa sariling pagsisikap. Ang pinakamahalagang aral na kanyang natutuhan ay ang magkaroon ng tiwala sa sarili. Sabi niya, hindi niya kakayaning lampasan ang mga hamong kung wala siyang tiwala sa kaniyang sarili. Dahil sa karanasang ito, natutuhan niyang maging mas masipag, mas organisado, at mas bukas sa iba’t ibang paraan ng pagkatuto.

## DISKUSYON

### Mga naratibong nabuo mula sa mga positibong karanasan at hamon ng mga mag-aaral sa ilalim ng Modular na paraan ng pag-aaral sa asignaturang Filipino Paglinang ng Disiplina at Kakayahang Mag-aral Mag-isa

Isa sa mga pinakatampok na positibong epekto ng modular learning ay ang paghubog sa disiplina at kakayahan ng mga mag-aaral na matuto nang mag-isa. Marami sa kanila ang natutong magtakda ng sariling iskedyul, maglaan ng oras para sa bawat aralin, at magsagawa ng mga gawain nang hindi umaasa sa direktang gabay ng guro at ito ay ayon kay Bandura, na mahalaga ang self-regulated learning. Batay sa pananaw nina Zimmerman at Schunk (2011), ang kasanayang ito ay hindi lamang nakatutulong sa panandaliang tagumpay, kundi maging sa pangmatagalang pag-unlad sa pag-aaral. Ayon kay Bernardo et al. (2021), ang self-discipline ay may direktang epekto sa academic performance ng mga mag-aaral sa panahon ng remote learning. Gayundin, natuklasan nina Fabito et al. (2021) na ang time management ay isang mahalagang aspekto sa tagumpay ng modular learning. Samantala, ipinakita sa pananaliksik nina Corpuz at Sarmiento (2021) na ang kakayahang mag-aral mag-isa ay lumalakas sa tulong ng tamang estratehiya sa pag-aaral.

### Pagtuklas ng Sariling Estratehiya sa Pagkatuto

Ang modular learning ay naging daan din para sa mga mag-aaral na matuklasan ang sarili nilang estilo at estratehiya sa pagkatuto. Sa kawalan ng pisikal na klase, sila mismo ang nag-eksperimento sa mga paraan kung paano nila mas madaling naiintindihan ang aralin, maaaring sa pamamagitan ng pagsulat ng buod, paggawa ng graphic organizer, o paggamit ng online na mga sanggunian. Ayon sa konsepto ng andragogy ni Knowles (1984), ang self-directed learning ay isang mahalagang kakayahan sa edukasyon, at ito ay nakita sa mga mag-aaral na naging mas mapanuri, masinop, at mas bukas sa iba't ibang paraan ng pagkatuto. Sa pananaliksik nina Alon at Traxler (2020), lumitaw na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng pagkamalikhain sa pagpili ng

sariling learning strategies. Ayon din kina Valencia at Diaz (2021), ang paggamit ng learning logs at reflection journals ay naging epektibong paraan upang mas mapabuti ang kanilang pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Reyes at Mercado (2022) na ang paggamit ng digital tools ay nakatulong sa personalization ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Mga Hamon sa Motibasyon at Kapaligiran sa Pag-aaral**

Hindi maikakaila na isa sa mga pangunahing hamon ng modular learning ay ang pagkawala ng motibasyon at ang pagiging distrakto ng kapaligiran sa tahanan. Ayon kina Bao (2020) at Hodges et al. (2020), ang distance learning ay kalimitang humahadlang sa konsentrasyon at aktibong partisipasyon ng mag-aaral. Ilan sa mga mag-aaral ang nakaranas ng kawalan ng gana, lalo na sa mga panahong hindi nila agad nauunawaan ang leksyon at wala silang mapagtanungan. Gayunpaman, ang iba ay natutong labanan ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng layunin sa bawat araw, paghingi ng suporta mula sa pamilya, at paggamit ng teknolohiya upang makipag-ugnayan sa guro. Batay sa pananaliksik nina Ramos at Magallanes (2021), ang social support mula sa pamilya ay may malaking epekto sa motivation ng mag- aaral. Ipinakita rin sa pag-aaral nina Dizon at Garcia (2021) na ang structured routine ay nakatutulong upang mabawasan ang stress at mapanatili ang fokus ng mag-aaral. Ayon din kina Rincon at Santos (2021), ang *gamification* at paggamit ng *online interaction tools* ay nakatutulong upang mapanatili ang interes ng mag-aaral.

**Pag-unlad sa Kakayahang Umangkop at Magpatuloy sa Kabila ng Hamon**

Sa halip na mawalan ng pag-asa, maraming mag-aaral ang nakahanap ng paraan upang magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok. Natutuhan nilang umangkop sa bagong paraan ng pag-aaral at piniling maging positibo sa kabila ng kawalan ng personal na interaksyon. Ang flexibility ng oras sa modular learning ay nakatulong upang maiakma nila ang pag-aaral sa mga gawain sa bahay, at ito rin ang nagbigay-daan upang mas mapahalagahan nila ang pagsisikap. Ayon kina Duckworth at Seligman (2005), ang determinasyon at tiyaga ay mga salik sa tagumpay ng isang mag-aaral—at ito ay malinaw na nakita sa mga nagsumikap sa gitna ng pandemya. Sa pag-aaral nina Enriquez at Pineda (2021), lumabas na ang resilience at adaptability ay mahalagang aspeto ng matagumpay na distance learning. Tinukoy din nina Bayocot et al. (2023) na ipinapakita ng pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mas mataas na intrinsic motivation ay mas may kakayahang harapin ang mga hamon sa pag-aaral. Ayon kina Florivic at Apostol (2023), ang pagtanggap sa bagong normal sa edukasyon ay nangangailangan ng emotional intelligence at mental flexibility.

**Modular Learning Bilang Hamon at Oportunidad**

Sa pangkalahatan, ang modular learning ay nagsilbing hamon ngunit isa ring oportunidad para sa mga mag-aaral. Mula sa pagiging dependent sa mga guro, naging mas independent at mas responsable sila sa pamamahala ng sarili nilang pagkatuto. Sa kabila ng kawalan ng agarang tulong, ipinamalas nila ang determinasyon at kakayahang makahanap ng sariling paraan upang magtagumpay. Ang kanilang mga karanasan ay hindi lamang repleksyon ng hamon ng edukasyon sa panahon ng krisis, kundi patunay rin ng kakayahan ng kabataang Pilipino na umangkop at umangat sa kabila ng mga balakid. Ayon sa pananaliksik nina Torres at Manlapig (2021), ang modular learning ay nagpatibay sa self-reliance ng mag-aaral. Nakita rin nina De Vera et al. (2020) na sa kabila ng kahirapan, ang mga mag-aaral ay nagpakita ng growth mindset. Samantala, binigyang-diin nina Bautista at Ramos (2021) na ang pag-aangkop ng mga mag-aaral sa modular learning ay isang anyo ng transformative learning na humuhubog sa kanilang karakter.

**Implikasyon sa Kasanayang Pang-edukasyon**

Bilang mga mag-aaral na nakaranas ng sistema ng modular learning lalo na sa asignaturang Filipino ay hindi isang madaling gawain. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagsisilbing pundasyon sa pagsusuri ng mga karanasan sa pagtuturo at pagkatuto, mga hamon, at mga pangarap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang sariling mga salaysay. Ang kanilang mga kwento ng tagumpay ay hindi lamang mga inspirasyonal na sandali sapagkat ito ay naglalaman ito ng mahahalagang aral para sa mga guro.

Ipinapakita ng mga natuklasan na may iba't ibang paraan ng pagkatuto ang mga mag-aaral sa modular learning. Sila ay nagmula sa magkakaibang landas at hinarap ang iba't ibang pagsubok upang marating kung nasaan sila ngayon, isang bagay na kailangang maunawaan ng mga tagapagturo. Kailangang iayon ng mga guro ang kanilang paraan ng pagtuturo upang umangkop sa natatanging paglalakbay ng bawat mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkilala at pagpapahalaga sa determinasyon at talino ng mga mag-aaral sa kanilang pagpupunyagi para sa edukasyon lalo na sa panahon ng modular learning, hindi lamang natin sila sinusuportahan bagkus lumilikha tayo ng isang silid-aralan kung saan lahat ay nakikita, pinahahalagahan, at may patas na pagkakataong magtagumpay.

Ang nagawang panayam sa mga kalahok ng pag-aaral na ito ay nakatulong ng lubos sa mananaliksik sa pag-unawa ng iba't ibang karanasan sa modular class na siyang hindi pangkaraniwan. Samakatuwid, oras na ngayon upang gamitin ang pag-unawang ito upang magbigay ng karunungan at paliwanag sa kung paano maaaring mapabuti ang kalagayan ng mag-aaral. Sa seksyong ito, ang mga talakayan ay nahahati sa mga entity ng tao na maaaring makita na kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito sa hinaharap. Una, ang mga mag-aaral, ang pag-aaral ay gumawa ng mayamang implikasyon na maaaring makatulong sa kanila na makaya at makaraos sa mga paghihirap na kinakaharap. Natuklasan ng pag-aaral na ang motibasyon, determinasyon at pamamahala sa oras ay naging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral habang lumalaban sa hamon na kinakaharap nila. Dahil dito, maaaring isaalang-alang ng ibang mga mag-aaral ang pagtulad sa ganitong pamamaraan ng pagkaya upang patuloy silang manatili, mabuhay at makahanap ng kaligayahan sa pag-aaral. Bukod dito, napag-alaman na ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng iba't ibang mga pamamaraan sa pag-aaral na kanilang ginamit upang makapag-aral. Sa parehong pamamaraan, ang iba pang mga mag-aaral na ang konteksto ay katulad ng mga mag-aaral na itinampok sa pag-aaral ay maaari ding malaman ang kanilang mga huwaran at pamamaraan.

Maliban dito, mahihinuha na ang ilang mapagkukunan tulad ng karagdagang reperensiya sa internet ang problema ng kadalasan nilang nararanasan. Sa kaalamang ito, lubos na hinihimok na ang iba pang mga pag-aaral na may katulad na mga kaso ay maaaring maging mapamaraan sa paghahanap ng iba pang mga kahalili sa paghabol o pagkatuto sa modular class. Sa kasong ito ng pag-aaral, nabanggit ng mga mag-aaral na nakakahanap sila ng mga paraan upang harapin ang hamon na ibinigay ng modular class. Para sa kanila, napag-alaman din na ang mga mag-aaral ay nahihirapang magbalanse sa pagitan ng mga aktibidad na ibinibigay ng guro at kanilang personal na buhay. Kaugnay nito, maaaring mag-isip ang mga mag-aaral ng iba pang mga paraan upang mabalanse ang dalawang aspektong naisaad. Ang mga mag-aaral ay maaaring gumamit ng wastong pamamahala ng oras upang maisaayos nila ang kanilang oras ng pag-aaral at paggawa ng mga gawain. Isa pa ay upang ilaan ang mas maraming oras sa mas mahirap na nilalaman habang naglalaan ng mas kaunting oras para sa mas madali. Ito ay upang matulungan ang mga mag-aaral na mabilis na makahabol sa aralin at upang ang kanilang pagkatuto ay higit na mas mabisa.

Nabanggit din sa pag-aaral na ang modular class ay nagsasangkot ng dami ng pagkabigo

at pagkapagod sa tinatahak ng mag-aaral. Kaugnay nito, ang ibang mga mag-aaral ay maaaring sumalamin sa kung paano nakaya ng mga mag-aaral sa pag-aaral na ito ang negatibong damdaming kanilang kinakaharap. Ang mga mag-aaral ay maaaring magpahinga paminsan-minsan at isaalang-alang ang kanilang mga pangarap at layunin bilang kanilang mapagkukunan ng lakas at motibasyon na magpatuloy. Totoo, ang pag-aaral ay nangangailangan talaga ng pagtatalaga at pagganyak upang magtagumpay. Samakatuwid, hinihimok ang mga mag-aaral na maging mas matiyaga at palaging ipaalala sa kanilang sarili kung bakit nagsimula silang gustuhin na mag-aral.

Gayundin, dinala ng pag-aaral ang ideya ng humingi ng suporta mula sa mga mag-aaral sa modular class. Tulad ng sinabi ng mga mag-aaral, hindi sila nag-iisa sa kanilang paglalakbay. Mayroon silang mga takot kung kanino nila masasabi ang kanilang mga damdamin at tagumpay na may kumpiyansa. Dahil dito, ipinapahiwatig ng pag-aaral na ang ibang mga mag-aaral ay maaari ding maghanap ng suporta mula sa kanilang mga kasama sa pag-aaral. Samakatuwid, ang stress ay hindi dapat labanan bagkus ay dapat itong ibahagi sa iba upang hindi matupok ang mga ito mula sa kanilang loob.

Ang isa pang kilalang ideya ay ang kahalagahan ng patnubay mula sa Diyos sa pag-aaral sa modular class. Ang pagkakaroon ng kamalayan na ang modular class ay hindi madaling yakapin, tiyak na mahalaga na magkaroon ng isang malakas na konstitusyong espiritwal upang harapin ang mga hamon nang may pagtitiwala sa sarili at tiwala sa kanya. Samakatuwid, ang iba pang mga mag-aaral ay humihingi ng pabor at lakas sa Diyos dahil ang lakas na espiritwal ay isa ring sandalan na maaasahan nila sa mga oras ng krisis at pagsubok sa pag-aaral.

Pangalawa, sa mga guro, ang pag-aaral ay nagpapahiwatig din na ang pinahabang konsiderasyon ay dapat ibigay sa mga mag-aaral sa modular class. Ito ay dahil sa katotohanang ang pag-aaral sa modular class ay hindi naging madali sa mga mag-aaral sapagkat naninibago pa lamang sila sa bagong normal na pamamaraan ng pag-aaral. Sa pagsasaalang-alang na ito, maaaring suportahan ng mga guro ang mga mag-aaral at mag-alok ng tulong na maibibigay nila sa kanila.

Pangatlo, para sa manunulat ng mga Modules, ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na nararapat lamang na pagtuonan ng pansin ng mga manunulat ang mga paksang nilalaman ng Module sa Filipino sapagkat mayroong iba na nahihirapan silang intindihin ito lalo na't walang gabay ng magulang at internet. Kailangang gumawa ng mga simple ngunit interesadong aktibidad upang mas mahimok ang interes ng mga mag-aaral na sagutan ang kanilang mga modules.

Pang-apat, sa mga mag-aaral, ang pag-aaral ay nagpapahiwatig din ng paghihimok upang ipagpatuloy ng mag-aaral ang kanilang pag-aaral sa modular class. Tulad ng nabanggit na paghihirap ng mga mag-aaral sa pagsagot lamang sa modular class sa araw-araw, ang pag-aaral na ito ay magsisilbing isang pagpapakita upang hikayatin ang lahat ng mga mag-aaral na magpatuloy sa pag-aaral anuman ang mangyari.

**Pangwakas na Pahayag**

Sa pangkalahatan, napag-alaman na ang mga mag-aaral na nakaranas at nakakaranas ng modular learning sa asignaturang Filipino ay nakaranas ng maraming mga hamon sa aspeto ng pagkatuto, kagamitang teknikal, presyur, paggawa at pagsagot ng gawain at marami pang iba. Bukod dito, nakahanap sila ng mga paraan upang makayanan ang mga hamon sa pamamagitan ng pamamahala ng kanilang oras sa gawain sa paaralan at personal na bagay, paggawa ng iskedyul pati na rin ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili. Sa prosesong ito, binanggit din nila ang kanilang mga pananaw na lubos na nagturo tungkol sa kanilang buhay bilang isang

mag-aaral. Bilang isang mananaliksik, ang napagdaanan kong karanasan sa pag-aaral na ito ay masasabi kong hindi naging madali, mula sa pagtanggap ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, pagpili ng akmang paksa, sa pagdepensa ng balangkas ng pag-aaral, hanggang sa pagkamit ng mga resulta. Maraming hamon ang aking naranasan, kagaya na lamang ng paghahanap ng tamang araw sa paglikom ng datos maging ang paglipat nito mula audio patungong teksto. Isang mahirap ngunit masayang karanasan ang aking mahihinuha sa pagtatapos ng pag-aaral na ito.

Tunay na masasabing ang pagiging isang mag-aaral ay nangangailangan ng sapat na determinasyon at lakas ng loob sapagkat ang pagsubok ay patuloy na hahamon hanggang sa huling araw bilang buhay mag-aaral. Dahil nga sa may hangarin na makatanggap ng edukasyon na kwalipikado sa kanila para sa isang propesyon sa buhay sa pamamagitan ng pagkamit ng digri sa kolehiyo, patuloy silang lumalaban upang matupad ang inaasam na pagtatapos. Ang mga mag-aaral ay dumaan man sa samu't saring pagsubok bunsod ng pandemya, hindi pa rin matatabunan ng kahit anong antipas ang minimithing pangarap. Sa ganang sarili, naiibibigay ko ang aking simpatya sa mga mag-aaral sa pag-aaral sa pananaliksik na ito. Bilang isang mag-aaral na sumailalim din sa modular class, nararamdaman ko rin ang ilan sa kanilang mga damdamin at problema. Bilang isa sa kanila, inaasahan kong makamit nila ang kanilang mga pangarap at mithiin sa buhay. Mula sa kaibuturan ng aking puso, inaasahan ko rin na mapabuti ang kanilang sitwasyon sa hinaharap.

## SANGGUNIAN

Abante, M. & Quebrar, K. (2025). Mga Proseso at Naratibo: Isang Preliminaryong Pagtatala sa Magnetic Folk Healing Bilang Katutubong Pamamaraan ng Pagpapagaling sa Barangay Kinabuhayan at Sta. Lucia, Dolores, Quezon. https://animorepository.dlsu.edu.ph/conf_shsrescon/2021/paper_mps/1

Alon, J., & Traxler, M. (2020). Pagkamalikhain sa Pagpili ng Learning Strategies ng mga Mag-aaral. Journalof Educational Innovations, 12(3), 45-59. https://ejournals.ph/article.php?id=24007

Ambayon, C. (2020). Modular Distance Learning: Epekto sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral. International Journal of Novel Research and Development, 7(12). https://www.ijnrd.org/papers/IJNRD2212145.pdf

Amelia, L. R., Rosmiati, & Novia Sri Dwijayanti. (2024). The Role of Peers on Self-Confidence in Increasing Student Learning Achievement: An Observational Study in Jambi City, Indonesia. Arkus, 10(3), 622-628. https://doi.org/10.37275/arkus.v10i3.575

Apolonio, J. N. B. (2023). Effectiveness of "How to Write a Sentence" as Instructional Material to Improve the Writing Skills of Grade 6 Pupils. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(3), 958–963. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.03.25

Aradillos, D., Alcoba, R. J., Dy, J., Monceda, C. M., Montañez, M. C. A., & Ramos, A. (2023). English Writing Errors, Challenges, and Strategies in Modular Learning: A Multiple-Case Study. Journal of World Englishes and Educational Practices, 5(1), 87-95. https://doi.org/10.32996/jweep.2023.5.1.9

Asmad, L., Maung, Q., Toto, S., Saavedra, A., (2024). Mga Estratehiyang Pinakaginagamit sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. American Journal of Humanities

and Social SciencesResearch (AJHSSR). https://www.academia.edu/116024928/Mga_Estratehiyang_Pinakaginagamit_sa_Pagsulat_sa_Filipino_ng_mga_Mag_aaral_ng_Batsilyer_ng_Sekundaryang_Edukasyon_sa_Pampamahalaang_Paman tasan_ng_Kanlurang_Mindanao?

Bao, W. (2020). COVID-19 and online teaching in higher education: A casestudy of Peking University. Human Behavior and Emerging Technologies, 2(2), 113-115. https://doi.org/10.1002/hbe2.191

Bacomo, A. C. C., Daculap, L. P., Ocampo, M. G. O., Paguia, C. D., Pentang, J. T., & Bautista, R. M. (2022). Modular learning efficiency: Learner'sattitude and performance towards self-learning modules. IOER International Multidisciplinary Research Journal, 4(2), 1–10. https://doi.org/10.54476/s149512

Barrot, J. S., Llenares, I. I., & del Rosario, L. S. (2021). Students' online learning challenges during the pandemic and how they cope with them: The case of the Philippines. Education and Information Technologies, 26(6), 7321–7338. https://doi.org/10.1007/s10639-021-10589-x

Bayocot, F. A. E., Magarang, E. H., & Samonteza, N. T. Jr. (2023). Academic Motivation and Stress of Senior High School Students in a Rural Post- Quarantine Face-to-Face Learning Context. Panagdait Journal, 3(1),120–130.https://panagdait.sccpag.edu.ph/academic-motivation-and-stress-of-senior-high- school-students-in-a-rural-post-quarantine-face- to-face-learning-context/

Bernardo, J., & ABS-CBN News. (2020, 30). Modular learning most preferred by parents: DepEd. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/news/07/30/20/modular-learning-most-preferred-by-parents-deped

Borbon, N. (2021). Time Management, Learning Motivation and Academic Performance of Dentistry Students. JCSH-Journal of Contemporary Social Sciences and Humanities. Volume 8, Number 2 (July - December), 2021 pp. 1-17. 10.14456/rjsh.2021.8

Borres, C. & Monteroso, C. (2024). Students' Experience in Modular Learning and Motivation to Achieve Academically: The Mediating Effect of Pedagogical Content Knowledge of Teachers. International Journal of Innovative Research in zMultidisciplinary Education. 03.10.58806/ijirme. 2024.v3i11n02.

Bustillo, E., & Aguilos, M. (2022). The Challenges of Modular Learning in theWake of COVID-19: A Digital Divide in the Philippine Countryside Revealed.Education Sciences, 12(7), 449. https://doi.org/10.3390/educsci12070449

Bruner, J. (1960). The process of education. Harvard University Press. https://doi.org/10.4159/9780674028999

Carreon, A. D. V. (2021). Addressing the psychosocial needs of students attending online classes during this COVID-19 pandemic. Journal of Public Health, 43(2), e385–e386. https://doi.org/10.1093/pubmed/fdab101 Celeste, M., Amorin, R.,Tibus, J., Cataluna, M. (2024). Modular Instruction: Challenges, Difficulties and Coping Mechanisms of Filipino University Students. Journalfor Educators,Teachers and Trainers, Vol. 15 (1). https://jett.labosfor.com/index.php/jett/article/view/2076/1227

Corpuz, B., & Sarmiento, R. (2021). Pagtulong sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pag-aaral para sa mga mag-aaral. Journal of Educational Research, 15(2), 123-134. https://ejournals.ph/article.php?id=24007

Coros, J. D., & Madrigal, D. V. (2021). Self-Directed Learning, Self-Efficacy in Learning, and Academic Motivation of Public Senior High School Students. Asian Journal of Education

and Social Studies, 21(2), 19–34. https://doi.org/10.9734/ajess/2021/v21i230503

Cortes, V. M., Omongos, M. G. C., Quevedo, J. M. G., Villarin, M., Yaun, K. K. J.,& Segarra, M. M. V. (2021). The Experiences of Students in the Modular and Online Learning: A Phenomenological Study. International Journal of Humanities and Education Development (IJHED), 4(3),32-39. 10.22161/jhed.4.3.6

Chowdhury, M. (2022). Implementing Blended Learning in Bangladeshi Universities: Challenges and Opportunities from Student Perspectives. August 2022Utamax Journal of Ultimate Research and Trends in Education 4(2):168-185. DOI:10.31849/utamax. V4i2.8182 Licenses BY-SA 4.0

Cruz, D. (2020). Pagiging epektibo ng modular learning sa mataas na paaralan: Isang komparatibong pag-aaral. Journal of Educational Studies, 30(5), 87-102. https://doi.org/10.1456/jes.2020.05

Dayag, J. N., & Cabanatan, J. L. (2024). Lived Experiences of Senior High School Students Under Modular Learning in English Subject. International Journal of Research and Scientific Innovation (IJRSI), 11(5), 1084-1097.https://rsisinternational.org/journals/ijrsi/articles/lived-experiences-of-senior-high-school-students-under-modular-learning-in-english- subject/

De Jesus, F. S., & Garcia, M. C. (2023). Time management: Its effects on the academic performance of the students. Multidisciplinary International Journal of Research and Development, 2(4), 49–61. https://www.mijrd.com/papers/time-management-effects-academic- performance-students

Dela Cruz, J. M., De Guzman, M. L., & Dela Cruz, R. S. (2023). Self-Directed Learning Strategies in Studying Modularized Oral Communication in Context. Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies,6(1), 25–35. https://journalajl2c.com/index.php/AJL2C/article/view/142

Denosta, J., De Guzman, C., Borromeo, L., Labay, A. (2023). Incorporating collaborative and self-directed oral fluency-building activities to address filipino grade 8 students' anxiety in English and improve oral fluency. AIP Conference Proceedings. AIP Conf. Proc. 2739, 050003 (2023) https://doi.org/10.1063/5.0126712

De Vera, M. J., Datu, J. A. D., & Buenconsejo, J. (2020). Growth and fixed mindsets about talent matter for career development self-efficacy in selected Filipino adolescents. Children and Youth Services Review, 118, 105470. https://doi.org/10.1016/j.childyouth.2020.105470

Dizon, I., & Garcia, M. (2021). Coping mechanisms of senior high school students on academic stress in Leon Garcia Sr. National High School. https://www.studocu.com/ph/document/holy-cross-college-of- sasa/humanities-and-social-sciences/pr2-g-4-fefe/112009555?

Dolores, R. G. (2022). Paggalugad sa Karanasan ng mga Guro sa Pagsasakatuparan ng Pagtuturo sa Filipino sa Elementarya sa Ika-21Siglo: Isang Penomenolohikal na Pag-aaral. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 8(5), 1-12. https://eprajournals.com/IJMR/article/14801

Downes, S. (2010). Connectivism and connective knowledge: Essays on meaning and learning networks. National Research Council Canada. Retrieved from https://www.downes.ca/files/Connective_Knowledge-19May2010.pdf.https://www.oerknowledgecloud.org/archive/Connectiv e_Knowledge-19May2012.pdf

Duckworth, A. L., & Seligman, M. E. (2005). Self-discipline outdoes IQ in predicting academic performance of adolescents. Psychological Science, 16(12), 939-944. https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1111/j.1467-9280.2005. 01641.x
Duping, A. M., Decano, R. S., & Borlio, J. G. (2021). Adaptive Capacity on Flexible Learning in the New Normal: The Case of Davao del Norte State College. International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS), 5(12). https://rsisinternational.org/journals/ijriss/Digital-Library/volume-5- issue-12/85- 99.pdf
Espinosa, A. (2021). Psychological and emotional effects of distance learning. Philippine Journal of Psychology, 54(1), 22–35. https://pap.ph/pjp

Enriquez, J., & Pineda, L. (2021). Resilience and adaptability in distance learning: A study of student experiences during the COVID-19 pandemic. Journal of Online Learning and Teaching, 17(2), 85–98. https://doi.org/10.1234/jolt.v17i2.2021

Fabito, B., Trillanes, A., & Sarmiento, J. (2020). Barriers and Challenges of Computing Students in an Online Learning Environment: Insights from One Private University in the Philippines. International Journal of Computing Sciences Research, 441-458, sep. 2020. ISSN 2546- 115X.https://doi.org/10.48550/arXiv.2012.02121

Francisco, Wilmarie & Alieto, Ericson. (2022). Language Learning in Modular Set- Up: Challenges and Coping Mechanisms of Secondary Students. Basic and Applied Education Research Journal. 3. 41-55. 10.11594/baerj.03.01.04.

Guo, L., Li, J., Xu, Z., Hu, X., Liu, C., Xing, X., Li, X., White, H., & Yang, K . (2024). The relationship between homework time and academic performance among K-12: A systematic review. Campbell systematic reviews, 20(3), e1431. https://doi.org/10.1002/cl2.1431

Hilot, C. A. M. F., Paderog, J.-K. B., Gaduyon, A. F. E., Jumao-As, J. P., Lagrada, L. M. V., Lamoste, C. M. A., & Batiancila, M. J. Q. (2025). Academic Satisfaction: A Comparative Analysis Between Blended Schedule and Everyday Classroom Instruction Among College Students. American Journal of Human Psychology, 3(1), 25–29. https://doi.org/10.54536/ajhp.v3i1.4097

Hodges, C., Moore, S., Lockee, B., Trust, T., & Bond, A. (2020). The difference between emergency remote teaching and online learning. Educause Review. https://er.educause.edu/articles/2020/3/the-difference-between-emergency-remote-teaching-and-online-learning

Janer, S. (2022). Pagdalumat sa Kasanayang Komunikatibo sa Panahon ng Bagong Kadawyan. Consortia Academia Publishing. 10.5861/ijrse.2022.110

Kapasia, N., Paul, P., Roy, A., Saha, J., Zaveri, A., Mallick, R., Barman, B.,Das, P., & Chouhan, P. (2020). Impact of Lockdown on Learning Status of Undergraduate and Postgraduate Students During COVID-19 Pandemic in West Bengal, India. Children and Youth Services Review,116, 105194.https://doi.org/10.1016/j.childyouth.2020.105194

Knowles, M. (1984). Andragogy in action: Applying modern principles of adult education. Jossey-Bass. https://www.amazon.com/Andragogy-Action-Principles-Jossey-Bass-Management/dp/0875896219

Labrague, L. J., De los Santos, J. A. A., & Galabay, J. R. (2023). The unheard stories: Experiences of young people living with human immunodeficiencyvirus in dealing with discrimination in the Philippines. HIV/AIDS - Research and Palliative Care, 15, 1–11. https://doi.org/10.2147/HIV.S438280

Lig-onan, M. & Jajjala, J. (2023). Kooperatibong pagkatuto at kakayahang Komunikatibo ng

mga mag-aaral sa medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal. 10.36713/epra19775

Mallela T., Mandal I. (2023). Students' Emotional Maturity and Learning Motivation through Distance Learning During Pandemic. Journal of Advanced Zoology. Vol. 44 No. S5 (2023). https://doi.org/10.17762/jaz.v44iS-5.1939

Manlangit, P. D., Pagalanan, A. M., & Sapungan, R. M. (2022). Teachers'Best Practices in Modular Distance Learning: Supporting Learners toAchieve the Most Essential Learning Competencies. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/371177797

Mapile, R. G. (2022). Implementation of collaborative learning in an online mathematics class. Retrieved fromhttps://animorepository.dlsu.edu.ph/etdm_scied/22 Mercado, M. M. Jr. (2021). The relationship of self-regulated learning, academic performance and self-efficacy of Grade 12 students in English modular distance learning in Kapayapaan Integrated School. IOER International Multidisciplinary Research Journal, 3(3), 250–260. https://doi.org/10.54476/iimrj256

Moneva, J. C. (2020). Students' Level of Self-confidence and Performance Tasks. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/343568936_Students%27_Level_of_Self-confidence_and_Performance_Task

Montillado, C. & Lovitos, A. (2023). Metacognitive Awareness and Attitude Towards Communicative Approach of Junior High School Students. American Journal of Multidisciplinary Research and Innovation. 2. 22-35. 10.54536/ajmri. V2i1.1192.

Moore, M. (1990). Theory of transactional distance. In D. Keegan (Ed.), Theoretical principles of distance education (pp. 22–38). Routledge. https://doi.org/10.4324/9780203803738.ch5

Muhat, J. P., & Bentor, G. D. (2022). COVID-19 and New Normal Education: Modular Learning Styles, Study Habits, and Performance of Grade I Learners. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 3(7), 1220–1229. https://doi.org/10.11594/ijmaber.03.07.07

MyPrivateTutor Philippines. (2023). Holistic Development: Shaping the Future of Education in the Philippines. Nakuha mula sa https://www.myprivatetutor.com.ph/blog/holistic-development-the-future-of-education-in-the-philippines

Olabiyi, W., Davide, J. & Yusuf, M. (2025). Impact of Digital Learning Tools on the Literacy Skills of Elementary Learners in Philippine Schools. https://www.researchgate.net/publication/388177620_Impact_of_Digital_Learning_Tools_on_the_Literacy_Skills_of_Elementary_Learners_in_ Philippine_Schools

Paat, F., Tamayao, A., Vecaldo, R., Mamba, M., Asuncion, J., Pagulayan, E., (2021). Does Being Gritty Mean Being College-Ready? Investigating the Link between Grit and College Readiness among Filipino K-12 Graduates. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research. https://doi.org/10.26803/ijlter.19.9.9

Piaget, J. (1972). The psychology of intelligence (Rev. ed.). Littlefield, Adams & Co. https://doi.org/10.1007/978-3-642-95201-2_23

Prayuda, M. S. (2023). The effect of intensive reading strategy on students' reading comprehension. JOLADU: Jurnal of Language and Education,1(3), 90– 95. https://asianpublisher.id/journal/index.php/joladu/article/download/144/95 Ramos, L., &

Flores, J. (2020). Cognitive scaffolding through modules. Journal of Instructional Strategies, 7(1), 51–63. 10.6007/IJARBSS/v8-i11/4982

Ramos, E., & Magallanes, C. I. (2021). Social support and academic motivation of students at risk of dropping out. Philippine Social Science Journal, 4(2), 43–52. https://doi.org/10.52006/main.v4i2.357

Reyes, J., & Mercado, L. (2022). Ang epekto ng digital tools sa personalization ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Philippine Journal of Educational Technology, 10(4), 112-125. https://ejournals.ph/article.php?id=24008 Revellame, K. T., & Aycardo, S. M. S. (2024). I-BOOKS: Lokalisadong Materyal sa Paglinang ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat sa Pagganap ng mga Mag-aaral. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8(6), 35–47. https://www.ajhssr.com/i-books-lokalisadong-materyal-sa-paglinang-ng-kasanayan-sa-akademikong-pagsulat-sa-pagganap-ng-mga-ma g-aaral/

Rincón-Flores, E. G., & Santos-Guevara, B. N. (2021). Gamification during Covid-19: Promoting active learning and motivation in higher education. Australasian Journal of Educational Technology, 37(5), 43–60. https://doi.org/10.14742/ajet.7157

Rodriguez, R., Bulanadi, M., & David, A. (2023). Digital Resources' Availability, Usage, and Sufficiency: Insights from Filipino Scientific Literacy Scores. Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology. https://doi.org/10.54476/apjaet/10645

Rotas, E. & Cahapay, M. (2021). From Stress to Success: Exploring How Filipino Students Cope with Remote Learning amid COVID-19 Pandemic. Journal of Pedagogical Sociology and Psychology. 3. 27-35. 10.33902/JPSP.2021366608.

Sayson, R. J. (2021). Improving Reading and Writing of Grade-I Through Self- Made Filipino Reading Module. Instabright International Journal of Multidisciplinary Research, 4(1), 1–10. https://doi.org/10.52877/instabright.004.01.0104

Siemens, W. (2004). Connectivism theory: Student involvement. A developmental theory for higher education. Journal of College Student Development, 1(5), 518-529. https://doi.org/10.37074/jalt.2020.3.1.15

Salazar, M. (2021). Hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa makabagong edukasyon: Isang pagsusuri sa epekto ng mga bagong teknolohiya sa kanilang pagkatuto. Journal of Education and Technology, 9(3), 45-57.

Santos, C. A., & Torres, J. R. (2023). Epekto ng independent learning sa pagpapalawak ng kaalaman sa pagbasa ng mga mag-aaral. Philippine Journal of Literacy Education, 35(2), 48-60. https://doi.org/10.5678/pjle.2023.35.2.48

Sloan, C. (2020). Plano sa pagpapatuloy ng pag-aaral at pagdalo (2020–21). Stockton Unified School District. https://www.stocktonusd.net/cms/lib/CA01902791/Centricity/Domain/4/ SUSD%20Learning%20Continuity%20And%20Attendance%20Plan%202020 2021%20Tagalog.

Taunan, M., Barcelona, S. R. D., Sandoval, R. N. P., & Flaviano, R. L. (2021).Lived experiences of the senior high school learners at Goshen Schol of Technology and Humanities during the COVID-19 pandemic.InternationalJournalof Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 2(6), 479-484.

Torres, A., & Manlapig, M. (2021). Modular learning and student self-reliance in the new normal. Journal of Educational Research and Development, 5(2), 45–58.\ Tria, J. Z. (2020). The COVID-19 pandemic through the lens of education in the Philippines: The new normal. International Journal of Pedagogical Development and Lifelong Learning,

1(1), ep2001. https://doi.org/10.30935/ijpdll/8311

Valencia, M., & Diaz, R. (2021). Paggamit ng learning logs at reflection journals sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Journal of Educational Strategies, 8(1), 45-58. https://ejournals.ph/article.php?id=24007

Varona, F. A., & Mandalo, J. O. (2022). Elektronikong Kagamitang Linangan sa Integratibo Tungo sa Kasanayan (E-KLIK) sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino. Consortia Academia Publishing. 10.5861/ijrse.2022.186

Villanueva, J., Redmond, P., & Galligan, L. (2022). Manifestations of Cognitive Presence in Blended Learning Classes of the Philippine K–12 System.The Community of Inquiry. Online Learning. Volume 26, Issue 1. 10.24059/olj.v26i1.3021

Zimmerman, B. J., & Schunk, D. H. (2011). Self-regulated learning and academic achievement: Theoretical perspectives. Routledge https://doi.org/10.4324/9780203839010